# 2

# Araling Panlipunan

## Patnubay ng Guro

## Tagalog

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

Araling Panlipunan 2 – Ikalawang Baitang
**Patnubay ng Guro**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN:**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

| | |
|---|---|
| Consultant: | **Zenaida E. Espino** |
| Koordinator: | **Gloria M. Cruz** |
| Mga Manunulat: | **Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan**<br>**Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang** |
| Tagasuri: | **Lerma V. Janda** |
| Naglayout: | **Esmeraldo G. Lalo**<br>**Besy C. Agamata**<br>**Ma. Theresa M. Castro** |
| Tagaguhit: | **Romulo O. Manoos** |

Inilimbag sa Pilipinas ng _____________

**Department of Eduction-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

Office Address: 2nd Floor Dorm G, PSC Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# Paunang Salita

Ang Patnubay na ito ay inilaan para sa mga guro sa **IKALAWANG BAITANG**. Ang mga aralin ay ibinatay sa mga kasanayang nakapaloob sa bagong K to 12 Basic Education Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon.

Inaasahang ang patnubay na ito ay tutugon sa pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Araling Panlipunan.

Ang mga gawain sa bawat aralin ay naaayon sa kakayahan ng mga batang mag-aaral sa baitang na ito. Kawili-wili at may pagka-malikhain ang mga gawain upang mapukaw ang isip at damdamin ng mga bata sa bawat paksang tatalakayin. Maaaring pagamitin ang mga mag-aaral ng "Activity Notebook" o papel sa pagsasagawa/pagsagot sa mga gawain at pagtataya. Magsisilbi itong Portfolio ng mga mag-aaral na maaaring gamitin ng guro sa pagdisenyo ng interbensyon at programa; pagbuo ng mga bago at angkop na araling gawain; at pagbibigay ng kaukulang marka.

Madaling masusundan at mauunawaan ang patnubay na ito. Ito ay naaayon sa kaakibat nitong Modyul para sa mga mag-aaral. Binubuo ito ng sumusunod na bahagi:

**I. Layunin**

Nakabatay ito sa hinihinging kasanayan (competencies) sa K to 12 Basic Education Curriculum

**II. Paksang Aralin**

Nakasulat dito ang gagamiting paksa, sanggunian at mga kagamitan. Nakatala rin dito ang integrasyon ng mga kasanayan mula sa iba-ibang asignatura na napapaloob sa aralin na sadyang ikinahon upang mabigyan-pansin.

**III. Pamamaraan**

Nahahati ito sa tatlong bahagi: **Panimula**, **Paglinang** at **Pag-unawa**. Nakalahad sa bawat bahagi ang mga dapat isagawa at ihanda ng guro upang madaling masundan ng sinumang magtuturo nito. Iminumungkahing maglaan ng bilang ng araw sa bawat bahagi ng aralin. Halimbawa: Panimula hanggang sa Paglinang ay isasagawa sa loob ng 2 araw; Pag-unawa hanggang sa Pagtataya ay 2-3 araw.

**IV. Pagtataya**

Susukatin sa bahaging ito ang husay ng proseso ng pagtuturo ng guro, kaangkupan ng mga araling gawain, antas ng pagkatuto ng mag-aaral at kung nalinang ang mga kasanayang itinuro.

**V. Culminating Activity**

Bibigyang - diin sa bahaging ito ang pagpapalalim at pagpapayaman sa mga kasanayang natutuhan ng mga bata. Maaari itong pagbasehan ng pagmamarka sa *performance level* ng mag-aaral. Isasagawa ito sa katapusan ng bawat aralin. Maglaan ng 1-2 araw sa pagsasagawa nito o depende sa gawaing nakatala na dapat isagawa ng mga bata.

Hangad ng mga may-akda na ang pagtuturo ng Araling Panlipunan sa Ikalawang Baitang ay maging kawili-wili sa mga mag-aaral. Inaasahan na ang mga guro ay magiging malikhain sa pagtuturo nito at iaayon sa kakayahan ng kanyang mag-aaral. Ang nilalaman ng patnubay na ito ay hindi preskriptibo, bagkus ay suhestiyon at maaaring magdagdag ng angkop na istratehiya, mga araling gawain at pamamaraan ang gurong magtuturo nito.

*Ang mga May-akda*

# Talaan ng Nilalaman


**UNANG YUNIT** **Ang Aking Komunidad**

| | | |
|---|---|---|
| **MODYUL 1 :** | **Ang Komunidad** | **3** |
| **ARALIN 1.1 :** | Ano Ang Komunidad | 4 |
| **ARALIN 1.2 :** | Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad | 6 |
| **ARALIN 1.3 :** | Larawan ng Aking Komunidad | 9 |
| **ARALIN 1.4 :** | Komunidad Ko, Mahal Ko | 10 |
| **MODYUL 2 :** | **Iba-Ibang Larawan ng Komunidad** | **12** |
| **ARALIN 2.1 :** | Komunidad Ko, Kikilalanin Ko | 13 |
| **ARALIN 2.2 :** | Mga Sagisag at Simbolo sa Aking Komunidad | 15 |
| **ARALIN 2.3 :** | Komunidad Ko, Ilalarawan Ko | 17 |

**IKALAWANG YUNIT** **Kapaligiran, Pinagmulan at Pamumuhay sa Komunidad**

| | | |
|---|---|---|
| **MODYUL 3 :** | **Ang Kapaligiran ng Aking Komunidad** | **21** |
| **ARALIN 3.1 :** | Payak na Mapa ng Aking Komunidad | 23 |
| **ARALIN 3.2 :** | Ang Katangiang Pisikal ng Aking Komunidad | 25 |
| **ARALIN 3.3 :** | Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad | 27 |
| **ARALIN 3.4 :** | Kapaligiran Ko, Ilalarawan Ko | 30 |
| **MODYUL 4 :** | **Ang Pinagmulan at Pamumuhay sa Aking Komunidad** | **33** |
| **ARALIN 4.1 :** | Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad | 34 |
| **ARALIN 4.2 :** | Mga Pagdiriwang sa Aking Komunidad | 36 |
| **ARALIN 4.3 :** | Mga Pagbabago sa Aking Komunidad | 37 |
| **ARALIN 4.4 :** | Mga Bagay na Nananatili sa Aking Komunidad | 39 |

## IKATLONG YUNIT Buhay Komunidad: Hanapbuhay at Pamumuno


| | | |
|---|---|---|
| **MODYUL 5 :** | **Hanapbuhay at Pamumuhay sa Komunidad** | **44** |
| **ARALIN 5.1 :** | Mga Likas na Yaman ng Aking Komunidad | 44 |
| **ARALIN 5.2 :** | Mga Hanapbuhay sa Aking Komunidad | 46 |
| **ARALIN 5.3 :** | Mga Produkto sa Aking Komunidad | 49 |
| **ARALIN 5.4 :** | Ang Pamumuhay sa Komunidad | 51 |
| **MODYUL 6 :** | **Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad** | **53** |
| **ARALIN 6.1 :** | Pinuno at Pamumuno sa Komunidad | 54 |
| **ARALIN 6.2 :** | Paglilingkod sa Komunidad | 56 |
| **ARALIN 6.3 :** | Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad | 58 |


## IKAAPAT NA YUNIT Pagiging Bahagi ng Komunidad


| | | |
|---|---|---|
| **MODYUL 7 :** | **Ang Kahalagahan ng Serbisyo sa Komunidad** | **62** |
| **ARALIN 7.1 :** | Mga Serbisyo sa Komunidad | 63 |
| **ARALIN 7.2 :** | Mga Karapatan sa Komunidad | 65 |
| **MODYUL 8 :** | **Ang Aking Papel sa Komunidad** | **67** |
| **ARALIN 8.1 :** | Tungkulin Ko sa Aking Komunidad | 68 |
| **ARALIN 8.2 :** | Mga Alituntunin sa Komunidad | 70 |
| **ARALIN 8.3 :** | May Pagtutulungan sa Aking Komunidad | 72 |
| **ARALIN 8.4 :** | Ang Pangarap Kong Komunidad | 74 |



# Unang Yunit

# Ang Aking Komunidad

# Ang Aking Komunidad

**Nilalaman:**

Ang yunit na ito ay binubuo ng dalawang modyul:

Modyul 1: Ano ang Komunidad?
- Aralin 1.1: Ano Ang Komunidad
- Aralin 1.2: Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad
- Aralin 1.3: Larawan ng Aking Komunidad
- Aralin 1.4: Komunidad Ko, Mahal Ko!.

Modyul 2: Iba-ibang Larawan ng Komunidad.
- Aralin 2.1: Komunidad Ko, Kilala Ko
- Aralin 2.2: Mga Sagisag at Simbolosa Aking Komunidad
- Aralin 2.3: Komunidad Ko, Ilalarawan Ko

Ang mga araling ito ay naglalayong maipaunawa sa mga batang Pilipino ang kahulugan ng komunidad, mga bumubuo nito, at mga batayang impormasyon tungkol dito.

Higit na makikilala at mauunawaan ng mga bata ang mga impormasyon tungkol sa kanilang kinabibilangang komunidad. Mababatid ang pinagmulan ng sariling komunidad, ang kapaligiran at katangiang pisikal nito gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago sa pamamagitan ng mapanuri at malikhaing pag-iisip. Apatnapung (40) araw ang mungkahing takdang panahon ng pag-aaral sa yunit na ito.

**Panlahat na Layunin**

Nakapagpapahayag ng pag-unawa at pagpapahalaga sa kahulugan at konsepto ng komunidad at sa mga bumubuo nito.

# Ang Komunidad

Ang modyul na ito ay naglalaman ng pagtalakay sa kamalayan at pag-unawa sa konsepto ng komunidad, bumubuo sa komunidad at mga batayang impormasyon nito.

Ito ay nahahati sa apat na (4) aralin:

Aralin 1.1: Ano Ang Komunidad?
Aralin 1.2: Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad
Aralin 1.3: Larawan ng Aking Komunidad
Aralin 1.4: Komunidad Ko, Mahal Ko

Inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang sumusunod:

1. pag-unawa sa kahulugan ng komunidad;
2. pagtukoy sa bumubuo ng komunidad at ang papel at tungkulin ng bawat isa;
3. paglalarawan sa kinabibilangang komunidad ayon sa mga batayang impormasyon at kinalalagyan;
4. Pagpapahalaga sa kinabibilangang komunidad.

# ARALIN 1.1: Ano Ang Komunidad

**Takdang Panahon**: 5-7 araw

I. **Layunin:**

1. Naibibigay ang kahulugan ng komunidad.
2. Natutukoy ang mga bumubuo ng isang komunidad.
3. Nasasabi ang kinaroroonan ng komunidad.

II. **Paksang Aralin:**

Paksa: Komunidad
Kagamitan: clay, krayola, papel, manila paper, Modyul 1, Aralin 1.1

**Integrasyon**: pagpapahalaga sa kalikasan, sining

III. **Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Magpakita ng larawan ng iba-ibang uri ng komunidad.
2. Itanong:
   - Anong katangian mayroon ang bawat komunidad na nasa larawan?
3. Isulat sa pisara ang mga kasagutan at pag-usapan ito.
4. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Magdaos ng “brainstorming” kaugnay ng tanong. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral.
3. Ipabasa ang “Basahin” sa ilalim ng Alamin Mo.
   Hatiin sa apat na pangkat ang klase para sa pagsagot sa mga tanong na nasa ilalim ng babasahin.
4. Bigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na masagutan ang mga tanong.
5. Ipaulat sa bawat pangkat ang sagot sa malikhaing paraan.
6. Talakayin ang ulat ng bawat pangkat. Bigyang-diin ang mga sagot ng mga bata.
7. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain.
8. Itanong/ Ipagawa ang sumusunod:

**Gawain A:**

- Hayaang ilarawan nila ang iginuhit na komunidad. Ipaskil ang ginawa ng mga bata.
- Ipasagot ang sumusunod na tanong.
    - Ano-ano ang bumubuo sa bawat komunidad na iginuhit ninyo?
    - Sino-sino sa inyo ang magkakapareho ang iginuhit?
    - Sino-sino ang naiba?

**Gawain B:**

- Sino-sino ang nagkulay ng dagat? kapatagan? komersiyal? industriyal? kabundukan? talampas?
- Bakit kaya may magkapareho at magkaibang sagot?
- Ano ang ipinahihiwatig nito?
- Sino-sino ang gumuhit ng wala sa larawan? Ano-ano ito?

**Gawain C:**

- Ano ang unang nawawalang salita? ikalawa? ikatlo?
- Ano ang inyong mga sagot. Magkakapareho ba?
- Basahin ang buong pangungusap.

9. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat gawain. Kung may mga maling kasagutan, ipaliwanag at iwasto ito. Inaaasahan na lahat ng gawain ay maisasagawa ng mga bata.
10. Bigyang diin ang mga kaisipan sa **Tandaan Mo**.

IV. **Pagtataya:**

1. Pasagutan ang **Natutuhan Ko.**

V. **Takdang Gawain:**

1. Pagdalahin ang mga bata ng mga magasin at larawan na nagpapakita ng gawain at tungkulin ng mga bumubuo ng komunidad: paaralan, barangay hall, health center, simbahan at iba pa.

VI. **Culminating Activity :**

1. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipagawa ang sumusunod:

    Pangkat 1 – Bumuo ng isang taludtod na tula tungkol sa komunidad
    Pangkat 2 – Bumuo ng islogan tungkol sa komunidad
    Pangkat 3 –Gumawa ng isang modelong komunidad. Gumamit ng **clay** sa pagbuo ng komunidad
    Pangkat 4 – Bumuo ng isang awit tungkol sa komunidad sa himig ng “Bahay Kubo”

## ARALIN 1.2: Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Nailalarawan ang papel, tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad
2. Naiuugnay ang papel, tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad sa sarili at sa pamilya

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Ang mga Bumubuo ng Komunidad; "Doon po sa Amin"
**Kagamitan:** larawan ng mga bumubuo ng komunidad tulad ng simbahan, paaralan at iba pa, paper bag puppet, papel, manila paper, Modyul 1, Aralin 1.2

**Integrasyon:** Sining

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Magpakita ng larawan ng mga bumubuo ng komunidad: paaralan, simbahan, plasa, health center, barangay hall, police outpost at iba pa.
2. Ipasuri ang larawan at itanong kung ano ang gawain ng bawat isa sa komunidad.
3. Ipaskil sa pisara ang mga larawan at isulat sa katapat nito ang mga sagot ng mga bata. Tanggapin lahat ang kasagutan.
4. Iugnay sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa ang kuwentong "Doon Po sa Amin." Upang maging kawili-wili sa mga bata, maaaring gawing "role play" o gumamit ng puppet sa pagbasa nito. (Pangkatin ang klase sa 4 at ibigay ang kanilang bahagi, isang araw bago ituro ang aralin.)

3. Ipasagot ang mga tanong kaugnay dito. Pag-usapan ang mga sagot ng klase.
4. Ipagawa ang mga pagsasanay sa **Gawin Mo** na nasa modyul upang higit na maunawaan ang aralin.
5. Ipaliwanag ang panuto ng pagsasagawa ng bawat gawain.
6. Maaaring isagawa ng pangkatan ang mga gawaing ito.
7. Kung pangkatan ang pagsasagawa, bigyan ang bawat pangkat ng manila paper, pentel pen at krayola upang dito isulat o iguhit ang isinasaad ng bawat gawain. Ipapaskil.
8. Pag-usapan ang mga ipinaskil na **output**.
9. Itanong: Ano-ano ang bumubuo ng komunidad? Ano ang gawain at tungkulin ng bawat isa.
10. Pag-usapan at pagtuunan ng pansin ang mga ideya o kaisipan sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

1. Pasagutan ang **Natutuhan Ko**.
2. Gabayan ang mga bata upang maiwasto ang kanilang kasagutan.

**V. Takdang Gawain:**

1. Magpadala sa klase ng sumusunod na kagamitan para sa susunod na aralin.
    - pangkulay
    - bond paper
    - ruler
    - mapa ng kinabibilangang komunidad ng bawat bata

**VI. Culminating Activity:**

1. Ipagawa ang laro.

**Bato-Bato sa Langit**

1. Isulat ang mga bumubuo ng komunidad sa maliliit na papel. Bilutin isa-isa ang papel at ilagay sa isang kahon.
2. Maghanda ng radio o **tape recorder**. Sundin ang sumusunod.
    a. Gumuhit ng isang bilog at hayaang magmartsa o magsayaw ang mga bata sa loob nito.
    b. Pumili ng lider. Tatayo ang lider sa gitna ng bilog na hawak ang **cabbage ball** na ang bawat ballot ay may nakasulat na bumubuo ng komunidad.

c. Pagtigil ng tugtog o martsa, sisigaw ang lider nang ganito.” Bato-bato sa langit, ang tamaan ay huwag magagalit.” Pagkatapos ay itatapon niya ang cabbage ball sa mga bata.

3. Ang tamaan ng **cabbage ball** ay mag-aalis ng isang dahon.Babasahin ang nakasulat dito at ibibigay ang tungkulin nito. Ibukod ang papel na nasagot na. Gawin ito nang isa-isa. Ang hindi makapagsabi kaagad ay aalisin sa bilog ng lider.Ulitin ang laro. Ang matira ang panalo.

## ARALIN 1.3 –Larawan ng Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5 araw**

**I. Layunin:**

1. Nailalarawan ang kabuuan ng kinabibilangang komunidad.
2. Natutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Tula: Larawan ng Komunidad Ko
**Kagamitan:** manila paper, pentel pen, bond paper, sand table, picture map, Modyul 1, Aralin 1.3

**Integrasyon**: sining, wika at pagbasa

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Ituro ang awit:
   **Ako, Ikaw, Tayo ay Isang Komunidad**
   **(Himig: It’s I, You, We)**

   Ako, ako, ako’y isang komunidad (2x)
   Ako’y isang komunidad.

   Sumayaw-sayaw at umindak-indak
   Sumayaw-sayaw katulad ng dagat
   Sumayaw-sayaw at umindak-indak
   Sumayaw-sayaw katulad ng dagat
   (Ulitin ang awit. Palitan ang ako, ng ikaw… at tayo)

2. Pag-usapan ang nilalaman ng awit.
3. Tumawag ng ilang mag-aaral na makapaglalarawan sa kanilang kinabibilangang komunidad. Ipagamit ang mga larawan ng mga bumubuo ng komunidad sa nakaraang aralin sa paglalarawan.
4. Pag-usapan ang paglalarawang ginawa ng mga bata
5. Iugnay sa aralin**.**

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Basahin ang tula "Larawan ng Komunidad Ko"
3. Ipasagot ang mga tanong na kasunod ng tula.
4. Talakayin ang mga kasagutan. Pagtuunan ng pansin ang ikaapat na tanong.
5. Pangkatin ang klase ayon sa kinabibilangang komunidad ng mga bata
6. Ipaliwanag ang bawat panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain sa **Gawin Mo** (A, B, C)upang maisagawa ang mga ito nang maayos.
7. Gabayan ang klase sa bawat gawain.
8. Ipaulat ang mga ginawang output.
9. Pag-usapan at bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa kahon sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

1. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng **Natutuhan Ko**. Magpakita ng halimbawa ng picture map.
2. Ipapaskil ang ginawa ng bawat bata.
3. Markahan ang ginawa ng mga bata gamit ang rubrics na nasa ibaba.

| **Rubrics** | |
|---|---|
| 3 pts – | Nailarawan nang tama ang kabuuan ng kinabibilangang komunidad sa maikhaing paraan |
| 2 pts – | Nailarawan nang tama ang kabuuan ng kinabibilangang komunidad subalit may kakulangan sa paraang ginamit (halimbawa ay hindi nakulayan; hindi malinis ang pagkakagawa) |
| 1 pt – | Nailarawan ang kinabibilangang komunidad subalit hindi naipakita ang mga bumubuo at ang kinaroroonan nito. |

## V. Takdang Gawain:

Ipadala sa mga bata ang sumusunod:

## VI. Culminating Activity:

1. Magtanghal ng exhibit ng mga **picture map** na nagpapakita ng kanilang komunidad.
2. Maaaring magdaos ng isang maikling programa na nagtatanghal sa mga natutunan ng mga mag-aaral.

# ARALIN 1.4: Komunidad ko, Mahal ko!

**Takdang Panahon**: 5 araw

## I. Layunin:

1. Natutukoy ang kahalagahan ng komunidad.
2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng komunidad sa pamumuhay ng tao.

## II. Paksang Aralin:

**Paksa:** Ang Aking Munting Komunidad

**Kagamitan:** Modyul 1, Aralin 1.4; larawan ng bawat mag-aaral

**Integrasyon:** Edukasyon sa Pagpapakatao (Kooperasyon at Pagtutulungan), Pangangalaga sa Kapaligiran)

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula

1. Ipaawit sa mga bata ang kantang "Masaya kung Sama-Sama" at "Ako ay Maligaya." Talakayin ang kahulugan/mensahe na ipinahihiwatig ng awit; kung angbawat isa ay sama-sama ay magiging maligaya ang magkakaibigan sa isang komunidad. (Paala: Ihanda at ituro ang awit bago ang aralin).
2. Itanong sa mga bata kung sila ay kabilang sa isang komunidad. Ipalarawan ang komunidad na kinabibilangan nila.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa ang kuwentong “Ang Aking Munting Komunidad” sa modyul.
3. Pasagutan ang mga tanong na kasunod.
4. Ipagawa ang Gawain A. Magpadala ng larawan ng mga bata upang idikit sa loob ng puso. Pag-usapan ang kanilang komunidad. Isulatsa pisara ang magagawa ng mga batang katulad nila at ng kanilang pamilya sa sariling komunidad. Ipasabi: “*Ako ay may kinabibilangang komunidad*.”
5. Pangkatin ang klase na may 5 kasapi bawat pangkat. Ipagawa ang Gawain B at C. Bigyan ng pagkakataon ang bawat pangkat na mag-usap at maipakita ang ginawang **role play**.
6. Pag-usapan at bigyang-diin ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

**C. Pagtataya:**

Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng **Natutuhan Ko**.


**D. Takdang Gawain:**

1. Magpasaliksik sa mga bata ng mga batayang impormasyon tungkol sa kanilang kinabibilangan komunidad. Sabihing magpatulong sa mga magulang sa pagsasagawa nito. Ipakopya ang tsart sa ibaba:

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Komunidad | |
| Kasalukuyang Pinuno | |
| Wika | |
| Grupong Etniko | |
| Relihiyon | |
| Dami ng tao batay sa 2007 Census | |

**E. Culminating Activity: (1 araw)**

1. Makipag-ugnayan sa Barangay para sa gagawing pagtulong sa paglilinis ng kapaligiran ng komunidad.
2. Papiliin ng isang bakanteng lote sa paaralan/komunidad ang mag-aaral at pataniman ng gulay/punongkahoy. Maaaring ipagawa ng pangkatan.




# Iba-ibang Larawan ng Komunidad

**Panimula**

Ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 2.1: Komunidad Ko, Kikilalanin ko!
Aralin 2.2: Mga Sagisag at Simbolo sa Aking Komunidad
Aralin 2.3: Komunidad Ko, Ilalarawan Ko.

Inaasahang mailalarawan ng bawat mag-aaral ang sariling komunidad sa tulong ng datos na nakuha sa pagsasaliksik ng mga impormasyon (hal. mga simbolo o sagisag na makikita sa kanyang kapaligiran at ang kahulugan ng bawat isa).

Sa mga nakalaang gawain, higit na matutuklasan at mauunawaan ng mga bata ang mga impormasyon tungkol sa kanilang kinabibilangang komunidad.

# ARALIN 2.1: Komunidad Ko, Kikilalanin Ko!

**Takdang Panahon: 5-7 araw**

## I. Layunin:

1. Nakakukuha ng sumusunod na impormasyon tungkol sa komunidad;
   - 1.1 pangalan ng lugar
   - 1.2 dami ng tao
   - 1.3 pinuno
   - 1.4 wikang sinasalita
   - 1.5 mga grupong etniko
   - 1.6 relihiyon
   - 1.7 at iba pa
2. Naitatala ang mga impormasyong nakalap tungkol sa komunidad
3. Nasasabi ang mga batayang impormasyon tungkol sa komunidad.
4. Nakabubuo ng paglalahat tungkol sa nakalap na impormasyon ukol sa komunidad.

## II. Paksang Aralin:

**Paksa:** Ang Aking Komunidad

**Kagamitan:** mga larawan, papel, manila paper, krayola, lapis**,** meta strips*;* Modyul 2, Aralin 2.1

**Integrasyon:** statistics: populasyon; pagsulat; pagsasaliksik

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Magpakita ng larawan ng isang komunidad.
2. Igabay ang mga bata na bumuo ng mga susing tanong upang mapag-usapan ang larawan.
3. Isulat ang mga tanong na binuo ng mga bata tungkol sa larawan.
4. Magpabigay ng hakang sagot tungkol sa mga tanong.
5. Pag-usapan at iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa ang kuwento, " Ang Aking Komunidad"
3. Pasagutan ang mga tanong tungkol sa kuwento:
4. Pag-usapan ang sagot ng mga bata
5. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain sa "**Gawin Mo**".
6. Sa Gawain B, ipalabas ang mga impormasyong kinalap ng mga bata upang masagutan ang gawaing ito.
7. Talakayin ang mga sagot ng mga bata sa bawat gawain.
8. Pagtuunan ng pansin ang kaisipan sa **Tandaan Mo.**

**IV. Pagtataya:**

Pasagutan ang **"Natutuhan Ko"**

**V. Culminating Activity:**

1. Bumuo ng maikling tugma tungkol sa kanilang komunidad gamit ang kanilang wika.
2. Magdaos ng palatuntunan upang maiparinig ang binuong tugma.

**Rubrics para sa Tugma**

| |
|---|
| 3 pts – Nakasulat ng 1 tamang pangungusap tungkol sa komunidad. |
| 2 pts – Nakasulat ng 1 pangungusap ubalit kulang na kaisipan tungkol sa komunidad |
| 1 pt – Nakasulat ng isang pangungusap subalit mali ang kaisipang isinasaad |

## ARALIN 2.2: Mga Sagisag at Simbolo sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Naibibigay ang mga sagisag o simbolong makikita sa kapaligiran ng komunidad;
2. Nailalarawan ang mga simbolo;
3. Naipapaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolo; at
4. Naibibigay ang katumbas na salitang ginagamit bilang sagisag ng komunidad.

**II. Paksang-Aralin:**

**Paksa:** "Komunidad ng San Isidro"
**Kagamitan:** lapis, krayola, mapang pisikal; larawan ng mga simbolo o sagisag na nakikita sa komunidad: (hal. Krus, arko, at iba pa), Modyul 2, Aralin 2.2

| **Integrasyon :** Sining (pagguhit), pagsunod sa 3-4 na panuto |
|---|

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Magpakita ng mapa ng isang komunidad.
   Itanong:
   - Ano-anong mga sagisag o simbolo ang nakikita mo sa larawan?
   - Alam mo ba ang kahulugan ng mga sagisag na ito?
   - Kaya mo bang ilarawan ang mga ito?
2. Pag-usapan ang sagot ng mga bata.
3. Iugnay sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ipakita sa mga bata ang mapa ng komunidad ng San Isidro. Talakayin.

2. Ipaliwanag sa klase na may mga simbolo at sagisag na kaugnay ng mga estrukturang nakikita sa mapa ng Komunidad ng San Isidro.Ang mga sagisag na ito ay ay kaniya-kaniyang kahulugan.
3. Ipasagot ang mga tanong.
4. Ipaliwanag ang panuto sa bawat gawain sa **Gawin Mo** bago ito ipagawa sa mga bata.
5. Paghandain ang klase ng Sagutang Papel kung walang **notebook** para sa mga gawain sa Araling Panlipunan. Dito ipasulat ang sagot sa bawat pagsasanay. Iminumungkahing ang bawat bata ay may lalagyan (Portfolio) ng natapos na **output.**
6. Iwasto ang sagot ng mga bata.
7. Ipabasa at bigyang - tuon ang kaisipan sa **Tandaan Mo.**

## IV. Pagtataya:

1. Pasagutan ang **Natutuhan Mo.**
2. Gamitin ang **rubrics** sa ibaba sa pagwawasto sa ginawa ng mga bata.

**Rubrics**

3 - Naiguhit nang maayos ang mga sagisag o simbolong nakikita sa kanyang komunidad. Naisulat ang kahulugan ng bawat sagisag.

2 - Naiguhit ang mga sagisag o simbolong nakikita sa kanyang komunidad ngunit hindi naibigay ang kahulugan ng bawat isa.

1 - Hindi naiguhit nang maayos ang mga sagisag o simbolong nakikita sa kanyang komunidad at walang naibigay na kahulugan.

## V. Takdang Gawain:

1. Magpadala sa mga bata ng makukulay na magasin para sa gagawing **mosaic** sa susunod na aralin.

## VI. Culminating Activity:

1. Magdaos ng **field trip** sa isang malapit na komunidad at ipatala ng mga sagisag at simbolo na matatagpuan dito.
2. Paghambingin ang komunidad na pinuntahan at kumunidad ng mga mag-aaral.

# ARALIN 2.3: Komunidad Ko, Ilalarawan Ko

**Takdang Panahon:4 araw**

**I. Layunin:**

1. Nakapaglalarawan ng sariling komunidad na nagpapakita ng mga katangian at batayang impormasyon nito sa malikhaing paraan.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Larawan ng Isang Komunidad

**Kagamitan:** **manila paper,** pandikit, gunting, lumang dyaryo, **molding clay**, Modyul 2, Aralin 2.3

**Integrasyon:** Sining, pagguhit, Filipino – pagsulat ng pangungusap at pagsunod sa 3-4 na panuto

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Ipagawa ang larong "Henyo Ako" na katulad ng Pinoy Henyo. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Gamitin ang salitang kaugnay ng komunidad tulad ng paaralan, sambahan, health center at iba sa pahulaang isasagawa. Isagawa lamang ang laro sa loob ng 3 minuto.
2. Iugnay ang larong ito sa gagawing larawang mapa ng kinabibilangang komunidad.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin gamit ang susing tanong sa Alamin Mo, pahina.
2. Ipabasa sa mga bata ang maikling talata tungkol sa paglalarawan ng isang komunidad sa Alamin Mo.
3. Ganyakin ang mga bata na pag-aralan ang mapa ng isang komunidad at ang iba't-ibang katangian nito. Ipalarawan ito.
4. Talakayin ito sa klase.
5. Ipasagot sa mga bata ang 4 na katanungan tungkol sa inilahad na mapa ng komunidad.
6. Ganyakin ang mga bata na sundin ang panuto na nakasulat sa loob ng arrow sa Gawin Mo, Gawain A. Igabay ang mga bata kung paano ito isasagawa.
7. Igabay ang mga bata sa pagsasagawa ng Gawain B.

8. Ganyakin at igabay ang mga bata na makasulat ng 2-3 pangungusap na naglalarawan sa katangian ng kanilang komunidad.
9. Ipabasa at ipaliwanag sa mga bata ang nakasulat sa **Tandaan Mo**. Talakayin ito upang lubos na maunawaan ng mga bata ang aralin.

## IV. Pagtataya:

1. Ipabasa sa mga bata ang panuto at ipagawa ang isinasaad sa **Natutuhan Ko**.
2. Igabay ang klase sa paglalarawan ng kanilang komunidad.
   - Kumuha ng lumang dyaryo
   - Gumuhit ng iba't-ibang sagisag at simbolo ng larawan ng komunidad
   - Idikit ang mga ito upang makabuo ng sariling komunidad.

## V. Culminating Activity:

Ipaguhit sa isang papel ang komunidad. Isulat ang mga bagay at lugar na nais mong baguhin/mabago dito. Idikit sa paskilan.

**Rubrics**

3 pts. - malinis, kaakit-akit, malinaw at makatotohanan ang pagkaguhit, Angkop ang kulay sa inilalarawan

2 pts. - malinaw at malinis ang pagkaguhit ngunit hindi angkop ang ginamit na kulay sa inilalarawan. Hindi nakakatawag-pansin

1 pt. - malinis ang pagkaguhit ngunit walang kulay. Hindi nakakatawag pansin



# Ikalawang Yunit

# Kapaligiran, Pinagmulan at Pamumuhay sa Komunidad

# Kapaligiran, Pinagmulan at Pamumuhay sa Komunidad

**Nilalaman:**

Ang yunit na ito ay binubuo ng dalawang modyul: Modyul 3 – Ang Kapaligiran ng Aking Komunidad at Modyul 4 – Ang Pinagmulan at Pamumuhay sa Aking Komunidad. Ang bawat modyul ay naglalaman ng apat na aralin.

Higit na makikilala at mauunawaan ng mga bata ang kuwento ng kanilang kinabibilangang komunidad. Mababatid ang pinagmulan ng sariling komunidad, ang kapaligiran at katangiang pisikal nito gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago sa pamamagitan ng mapanuri at malikhaing pag-iisip. 40 araw ang mungkahing takdang panahon ng pag-aaral sa yunit na ito.

**Panlahat na Layunin**

Nakapagpapahayag ng pag-unawa at pagpapahalaga sa kapaligiran at pinagmulan o kasaysayan ng sariling komunidad.

**Paglulunsad ng Yunit: (1 araw)**

1. Pabuksan ang modyul 3. Patingnan pag-aralan ang larawan sa ikalawang yunit.
2. Pag-usapan ang nilalaman ng yunit na ito.
3. Magtanong sa klase ng mga anyong tubig at lupa na makikita sa kanilang komunidad. Pag-usapan ito.
4. Magpakuwento rin kung may alam ang mga bata sa pinagmulan ng kanilang mga komunidad.
5. Iugnay ang mga pinag-usapan sa nilalaman ng yunit.
6. Ipaliwanag ang nilalaman ng ikalawang yunit at ang mga inaaasahang matututuhan ng mga mag-aaral sa loob ng isang **quarter** o markahan.
7. Ipatala sa kanilang **notebook** ang inaasahang mga kagamitan, larawan at iba pang mga kailangan sa loob ng isang markahan.




# Ang Kapaligiran ng Aking Komunidad

**Panimula**

Ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 3.1: Payak na Mapa ng Aking Komunidad
Aralin 3.2: Ang Katangiang Pisikal ng Aking Komunidad
Aralin 3.3: Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad
Aralin 3.4: Kapaligiran Ko, Ilalarawan Ko

Inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang pagkilala at paglalarawan sa kapaligiran at katangiang pisikal ng kanyang komunidad. Inaasahan din ang pag-alam sa lokasyon ng mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan, mga anyong lupa at anyong tubig sa mapa ng komunidad.

**Paunang Gawain:**

1. Pabuksan ang Modyul 3. Ipamasid ang larawan. Itanong kung ano ang ipinakikita ng larawan tungkol sa nilalaman ng modyul ng ito.
2. Talakayin ang Nilalaman.
3. Ipaliwanag sa mga bata ang pagsasagawa ng Community Quilt. Ihanda ang mga kagamitang nakatala sa modyul para sa gawain.

**Community Quilt**

**Kagamitan:** ¼ construction paper, gunting, lapis, krayola, yarn

**Panuto:**

1. Tukuyin ang mga mahahalaga o makasaysayang lugar, bantayog, estruktura, palatandaan at pook-pasyalan na makikita sa iyong komunidad.
2. Iguhit ang mga ito nang isa-isa sa bawat **construction paper**. Kulayan ito.
3. Kung hindi kayang gumuhit, maaaring gumupit ng larawang katulad ng mga lugar na nabanggit at idikit sa **construction paper**.
4. Lagyan ng limang butas ang itaas na bahagi ng bawat papel
5. Tahiin ang mga papel upang makabuo ng **Community Quilt**.
6. Isabit sa dingding ng silid-aralan.

4. Pangkatin ang mga bata ayon sa kinabibilangang komunidad. Pagsama-samahin ang mga batang magkakapitbahay.
5. Ipagawa sa bawat pangkat ang **community quilt** ayon sa pamaraang nakatala,
6. Gabayan ang klase sa pagsasagawa nito.
7. Ipaulat sa bawat ang natapos na gawain.
8. Ipapaskil sa paskilan ang **output** ng bawat pangkat.

# ARALIN 3.1: Payak na Mapa ng Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

## I. Layunin:

1. Natutukoy ang mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan na matatagpuan sa sariling komunidad.
2. Natutukoy ang kinalalagyan o lokasyon ng mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan na matatagpuan sa sariling komunidad.
3. Nakagagawa ng payak na mapa ng komunidad na nagpapakita ng mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan.
4. Nakasusulat ng maikling salaysay tungkol sa komunidad batay sa ginawang payak na mapa.

## II. Paksang-Aralin:

**Paksa:** Ang Mapa ng Komunidad
**Kagamitan:** lapis, **ruler**, krayola, aklat, Modyul 3, Aralin 3.1

**Integrasyon:** Sining, Filipino

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Magbalik-aral sa apat na pangunahing direksiyon.
2. Bigyan ng ¼ **manila paper** ang bawat bata at ipaguhit ang mga estrukturang makikita sa apat na pangunahing direksiyon
3. Ipapaskil ang natapos na gawain.
4. Pag-usapan ang mga iginuhit ng mga bata.
5. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga tanong sa **Alamin Mo** sa Aralin 3.1
2. Ipabasa ang talata "Ang Mapa ng Komunidad"
3. Ipaliwanag at ipaunawa sa klase ang pagtukoy sa pangunahin at pangalawang pangunahing direksiyon.
4. Ipasuring mabuti ang mapa.
5. Ipasagot ang mga tanong.
6. Ipagawa ang mga pagsasanay sa **Gawin Mo**.
7. Sa Gawin A, ipaguhit ang mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook pasyalan na makikita sa kanilang komunidad. Ilagay sa tamang direksiyon. Ipasulat sa papel ang sagot.
8. Sa Gawin B, magpasulat ng 2-3 pangungusap tungkol sa ginawang mapa sa Gawin A.
9. Sa Gawin C, pag-aralan ang mapa. Ipasulat sa papel ang sagisag at panandang tinutukoy ng direksiyong nakasulat sa ibaba ng mapa.
10. Pag-usapan at bigyang diin ang kaisipang nakasulat sa loob ng kahon sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

1. Ipagawa ang **Natutuhan Ko**.
2. Gabayan ang klase na maging matibay ang ginawang mapa bilang paghahanda sa **culminating activity**.

**V. Culminating Activity:**

1. Hatiin ang klase sa apat na pangkat.
2. Maghanda ng 4 na **bulletin board**.
3. Magpagawa ng malaking **collage** ng mapa ng komunidad gamit ang ginawang mapa ng mga bata sa Natutuhan Ko.
4. Idispley sa **lobby** ng paaralan.

# ARALIN 3.2: Ang Katangiang Pisikal ng Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

## I. Layunin:

1. Nailalarawan ang kapaligiran at katangiang pisikal ng sariling komunidad;
2. Naiisa-isa ang mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa sariling komunidad;
3. Natutukoy ang iba- ibang anyong lupa at anyong tubig;
4. Nasusuri ang pagkakaiba ng kalagayan ng mga anyong lupa at anyong tubig noon at ngayon;
5. Natutukoy ang mga pananda sa mapa na sumisimbolo sa anyong lupa at anyong tubig;
6. Nakaguguhit ng payak na mapang pisikal ng sariling komunidad; at
7. Napaghahambing ang katangiang pisikal ng sariling komunidad sa komunidad ng mga kaklase.

## II. Paksang Aralin:

**Paksa:** Usapan: "Ako si Komunidad"

**Kagamitan:** mapang pisikal, **sand table**, krayola, art paper o anumang makukulay na papel, **manila paper**, Modyul 3, Aralin 3.2

**Integrasyon:** ICT (photography); sining

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Ituro at ipaawit ang "Anyong Tubig."

**ANYONG TUBIG**

**Himig: It's You**

Ikaw, ako, sa tubig ay magtampisaw (3X)
Ating tingnan anyong tubig, la la la….
Tingnan mo ang DAGAT, ILOG at LOOK
Pati na ang LAWA, TALON AT SAPA (2X)

2.Itanong

- Ano ang pamagat ng awit?
- Ano-ano ang dapat tingnan ayon sa awit?
- Anong mga anyong tubig na katulad ng nasa awit ang mayroon sa iyong komunidad?

**B. Paglinang:**

1. Ilahad at ipasagot ang mga susing tanong sa Alamin Mo upang malaman dating kaalaman (prior knowledge) tungkol sa anyong lupa at anyong tubig.
2. Basahin ang usapan sa Modyul 3, Aralin 3.2. Maaaring gawing malikhain ang pagbasa sa usapan. Halimbawa: puppet, role play.
3. Talakayin upang mabigyang kahulugan at mailarawan ang bawat anyong lupa at anyong tubig.
4. Pasagutan ang mga tanong sa **Sagutin**.
5. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain.
6. Sa Gawain A, kilalanin ang mga anyong lupa at anyong tubig na nakalarawan. Ipasulat ang sagot sa papel.
7. Sa Gawain B, pag-aaralan ang mapa. Ipasulat sa papel ang sagot.
8. Sa Gawain C, magpagawa ng **collage** ng isang tanawing nagpapakita ng anyong tubig at anyong lupa sa isang komunidad. Palagyan ng pangalan ang ginawang **collage**. Ipapaskil. Alamin ang katangian ng komunidad sa ginawang **collage**.

9. Pagawain ng **Venn Diagram** ang bawat pangkat upang makita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga nasa **collage**. Ipahambing. Magpabigay ng isang pangungusap tungkol dito.
10. Talakayin ang mga kasagutan sa bawat gawain. Kung may mga sagot na hindi angkop, ipaliwanag at iwasto ito. Inaaasahan na lahat ng gawain ay maiisagawa nang maayos.
11. Bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

1. Pagawin ang mga bata ng mapang pisikal ng kanilang komunidad.
2. Ipagamit ang mga payak na pananda sa mga anyong tubig at anyong lupa.
3. Ipaguhit sa papel. Ipapaskil.

## V. Culminating Activity:

1. Community Field Trip – Dalhin ang mga bata sa isang lugar sa komunidad na may makikitang anyong lupa o anyong tubig.
2. Ipaguhit ang lahat na anyong lupa at anyong tubig na makikita nila sa paligid ng lugar.
3. Bigyan sila ng pagkakataong maiulat ito pagbalik sa silid-aralan.
4. Ipadikit ang mga larawan sa **bulletin board**. Palagyan ng pamagat.

# ARALIN 3.3: Kapaligiran At Uri ng Panahon sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 4-5 araw**

## I. Layunin:

1. Nasasabi ang iba- ibang uri ng panahong nararanasan sa komunidad.
2. Natutukoy ang uri ng panahon sa sariling komunidad.
3. Nakabubuo ng simpleng ulat ukol sa kalagayan ng panahon.
4. Natutukoy ang mga natural na kalamidad o sakunang naganap o nagaganap sa komunidad.
5. Nailalarawan ang epekto ng kalamidad sa kalagayan ng mga anyong lupa/tubig at sa tao.

## II. Paksang Aralin:

**Paksa:** Ang Uri ng Panahon sa Aking Komunidad
**Kagamitan:** larawan ng simbolo ng maulan, maaraw, maulap at mahangin; larawan ng iba-ibang kalamidad, **weather chart**, Modyul 3, Aralin 3.3

**Integrasyon:** sining, Science – konsepto ng iba-ibang uri ng panahon

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Ituro ang awit: sa himig ng “Five Little Ducks”

   Tingnan natin at pakiramdaman
   ang panahon, kaibigan.
   Maaraw ba o maulan
   Ang pagpasok sa eskuwelahan?
   <u>Maaraw</u>, <u>maaraw</u> ang panahon
   Maaraw ang panahon.

   (Palitan ang salitang may salungguhit ng naaayon sa panahon)

2. Ipaalala sa mga bata ang uri ng panahong kanilang naranasan sa loob ng isang linggo.

### B. Paglinang:

1. Ipabasa ang mga tanong sa **Alamin Mo**. Subukang ipasagot ang mga ito sa klase.
2. Ipabasa ang talata “Ang Uri ng Panahon sa Komunidad.”
3. Pasagutan ang mga tanong na kasunod. Gawing pangkatang gawain ang pagsagot sa mga tanong. Gabayan ang bawat pangkat sa pagsagot at pag-uulat sa malikhaing pamamaraan.
4. Ipaulat ang ginawa.
5. Talakayin at pag-usapan ang mga kasagutan.
6. Ipagawa ang **Gawin Mo.** Gamiting gabay ang sumusunod:

   Gawain A

   - Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng ulat panahon.
   - Ipagawa ito sa lahat ng mag-aaral
   - Maglagay ng isang paskilan na pagdidikitan ng mga ginawang ulat panahon.
   - Magpakuwento sa ginawang **output**

   Gawain B

   - Ipabasang mabuti ang bawat kalagayan o sitwasyon ng panahon sa mga bata.

- Ipasulat sa papel ang letra ng tamang sagot.

Gawain C
- Ipasulat sa papel ang nabuong salita.
- Tanungin ang klase at isulat sa pisara ang kanilang mga nabuong salita.
- Pag-usapan ang mga kalamidad o sakuna na maaaring mangyari sa komunidad at ang dahilan nito.

Gawain D
- Ipagaya ang **flower organizer** na nasa modyul sa manila paper o kartolina.
- Ipasulat sa organizer ang mga kalamidad na nararanasan ng mga bata sa kanilang komunidad.
- Ipapaskil.
- Hikayatin ang klase na magbahagi ng kanilang naranasang kalamidad sa kanilang komunidad.

7. Pag-usapan at bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

Ipasagot ang **Natutuhan Ko**.

**V. Takdang Gawain:**

Magpakalap ng mga larawan ng kapaligiran ng komunidad ng mga bata noon at ngayon.

**VI. Culminating Activity:**

1. Maghanap ng mga kasuotang ginagamit kung tag-ulan at tag-init. Dalhin sa paaralan para sa isang eksibit. Kung walang makita/manghiram, gumupit ng mga larawan mula sa lumang magasin. Idikit sa **coupon bond.**
2. Magkaroon ng eksibit ng mga ginupit na larawan ng mga kasuotang pagtag-ulan at tag-init.

**Rubrics**

3 pts. - angkop na angkop ang kasuotang dinala sa ipinahahayag na panahon at ginagamit ng mga Pilipino
2 pts. - angkop sa ipinahahayag na panahon ngunit hindi isinusuot ng mga Pilipino
1 pt. - hindi angkop sa panahong nararanasan sa Pilipinas

## ARALIN 3.4: Kapaligiran Ko, Ilalarawan Ko

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Nailalarawan ang pagpapatuloy at pagbabago ng kapaligiran ng kinabibilangang komunidad.
2. Nailalarawan ang katangiang pisikal ng kinabibilangang komunidad sa malikhaing paraan.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Ang Puerto Galera Ngayon at Noon

**Kagamitan:** **manila paper**, **pentel pen**, larawan ng Puerto Galera Noon at Ngayon, Modyul 3, Aralin 3.4

**Integrasyon :** Agham, Ebolusyon/pagbabago

**III. Pamamaraan:**

**A.**

1. Itanong sa mga bata kung narinig na nila ang tanyag na Puerto Galera.
2. Pag-usapan ang sagot ng mga bata.
3. Iugnay sa aralin.

B. **Paglinang:**

1. Itanong sa klase ang mga susing tanong sa **Alamin Mo**. Bigyan sila ng panahon na pag-isipan ito.
2. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipakita ang larawan ng Puerto Galera Ngayon at Noon. Bigyan sila ng pagkakataong mapag-aralan ito at mapaghambing.
3. Ipasagot ang mga tanong. Ipaulat sa klase ang sagot ng bawat pangkat.
4. Itala ang mga nagbago at nanatili sa kapaligirang pisikal ng Puerto Galera.
5. Paghahambing at magpabuo ng konklusyon tungkol dito.
6. Pabuksan ang modyul at ipagawa ang mga gawain sa **Gawin Mo**.
7. Para sa Gawain A, ipakuha ang mga larawan na nagpapakita ng kalagayan ng kanilang komunidad noon at ngayon. Ipadikit ito sa tamang kolum. Ang mga bata ay gagawa ng Collage sa tulong at patnubay ng guro. Talakayin at pag-usapan ang ginawa ng mga bata.
8. Para sa Gawain B, Ipasulat sa mga bata sa angkop na kolum ang mga bagay na nagbago o nananatili sa kanilang komunidad batay sa larawang kanilang idinikit sa Gawain A. Bigyan sila ng halimbawa. Talakayin pagkatapos ng gawain.
9. Para sa Gawain C, Ipaguhit ang mga anyong tubig at anyong lupa noo at ngayon. Pag-usapan pagkatapos ng gawain.
10. Para sa Gawain D, Ipasulat sa papel ang nagbago o nananatili sa kanilang komunidad batay sa larawang nasa gawain C. Talakayin pagkatapos ng gawain.
11. Ipaliwanag ang konsepto ng pagbabago at pagpapatuloy. Gamiting halimbawa ang mga ginawa ng mga bata.
12. Ipabasa at ipaliwanag sa mga bata ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

## IV. Pagtataya:

1. Ipagawa ang **Natutuhan Ko** sa mga bata gamit ang isang malikhaing paraan ng paglalarawan ng mga nagbago at nananatili sa kapaligiran ng isang komunidad.

**Rubrics**

3 pts. - nagamit ang sariling pamamaraan sa paglalarawan; nailarawan ang orihinal na anyo ng isang mahalagang bagay sa kaapaligiran ng komunidad at ang mga pagbabagong naganap dito

2 pts. - nagamit ang sariling paglalarawan ngunit hindi gaanong kakaiba(unique) sa paglalarawan ng dating anyo ng isang mahalagang bagay sa kapaligiran. Naipakita ang naganap na pagbabago

1 pt. - nakapaglarawan ng bagay na nagbago sa tulong ng kamag-aaral.

**V. Takdang Gawain:**

1. Magpasaliksik sa mga bata ng pinagmulan ng kanilang kinabibilangang komunidad. Sabihing magpatulong sa magulang sa pagsasagawa ng pagsasaliksik. Ipagamit na gabay ang sumusunod:
   - Ano ang pangalan ng komunidad?
   - Ano ang pinagmulan nito?
   - Ano ang makasaysayang lugar, estruktura, bantayog na mayroon sa komunidad? Bakit ito makasaysayan?

**VI. Culminating Activity:**

1. Maglaan ng isang korner sa loob o labas ng silid-aralan bilang **gallery**. Idispley dito ang mga *output* ng mag-aaral.
2. Imbitahan ang mga magulang upang makita nila ang mga **output** ng kanilang mga anak.




# Ang Pinagmulan at Pamumuhay sa Aking Komunidad

**Panimula**

Ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 4.1 – Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad
Aralin 4.2 – Mga Pagdiriwang sa Aking Komunidad
Aralin 4.3 – Mga Pagbabago sa Aking Komunidad
Aralin 4.4 – Mga Bagay na Nananatili sa Aking Komunidad

Inaasahang mailalarawan ng bawat mag-aaral ang pinagmulan at mga pagbabago sa kultura at pamumuhay sa sariling komunidad sa pamamagitan ng pagsasaliksik at pangangalap ng mga larawan nito.

**Paunang Gawain: (1 araw)**

1. Pabuksan ang modyul 4. Ipabasa ang pamagat ng modyul 4. Ipasuri ang larawan. Pag-usapan ang nakikita ng mga bata sa larawan.
2. Tanungin ang klase kung ano ang gusto nilang malaman tungkol sa pinagmulan ng kanilang komunidad. Magpabuo ng tanong. Isulat sa pisara ang mga tanong.
3. Humingi sa klase ng mga haka-haka/pansamantalang sagot sa mga nabuong tanong. Isulat din sa pisara. Iugnay sa nilalaman ng modyul.

## ARALIN 4.1 Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Nakapagsasaliksik ng pinagmulan ng pangalan ng sariling komunidad.
2. Naisasalaysay ang kuwento ng pinagmulan ng pangalan ng sariling komunidad.
3. Natutukoy ang mga makasaysayang sagisag, estruktura, bantayog at bagay na matatagpuan sa komunidad.
4. Nasasabi kung bakit kinikilala ang mga bagay na ito.
5. Nabibigyang-halaga ang mga makasaysayang sagisag, estruktura, bantayog at bagay na matatagpuan sa komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Pinagmulan ng Komunidad ng San Isidro
**Kagamitan:** **manila paper**, **graphic organizer template**, kasaysayan ng mga komunidad na kinabibilangan ng mga mag-aaral; Modyul 4, Aralin 4.1

**Integrasyon: research method, storytelling**

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**
1. Magpakita ng larawan ng White Beach, Puerto Galera.
2. Pag-usapan ito. Tanungin ang mga bata kung nakarating na sila sa pamosong lugar na ito. Magpakuwento sa kanilang karanasan.
3. Itanong: Gusto ba ninyong malaman ang pinagmulan ng White Beach sa Puerto Galera?
4. Iugnay ang mga kasagutan ng mga bata sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Gabayan ang klase sa pagbasa ng kuwento ng pinagmulan ng komunidad ng San Isidro. Maaari ring gawing kawili-wili ang pagbasa ng kuwento sa pamamagitan ng **puppet**.

3. Ipasagot ang mga tanong. Pag-usapan ang sagot sa bawat tanong.
4. Ipaliwanag na gagawa rin ang mga bata ng katulad na kuwento tungkol sa kanilang komunidad.
5. Ipakuha ang mga kinalap na impormasyon tungkol sa kasaysayan o pinagmulan ng kinabibilangang komunidad.
6. Ipaliwanag ang panuto ng pagsasagawa sa Gawain A, B, C at D **Gawin Mo**.
7. Ihanda ang gagamiting template na katulad ng nasa **Gawin Mo**.
8. Gabayan ang klase sa paggawa ng mga gawain.
9. Pag-usapan at talakayin ang bawat gawain.
10. Bigyang pansin ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

## IV. Pagtataya:

1. Ipagawa ang **Natutuhan Ko**.
2. Gamitin ang **rubrics** sa pagmamarka sa munting aklat ng mga bata.

| |
|---|
| 5 pts. – nakagawa ng munting aklat na may 6 na pahina na nagpapakita ng pinagmulan ng sariling komunidad at nakasulat ng 3 pangungusap sa bawat pahina |
| 4 pts. - nakagawa ng munting aklat na may 5 pahina na nagpapakita ng pinagmulan ng sariling komunidad at nakasulat ng 2 pangungusap sa bawat pahina |
| 3 pts. - nakagawa ng munting aklat na may 4 na pahina na nagpapakita ng pinagmulan ng sariling komunidad at nakasulat ng 1 pangungusap sa bawat pahina |
| 2 pts. - nakagawa ng munting aklat na may 3 pahina na nagpapakita ng pinagmulan ng sariling komunidad ngunit walang naisulat na pangungusap sa bawat pahina |
| 1 pts. - nakagawa ng munting aklat na may 1-2 pahina na nagpapakita ng pinagmulan ng sariling komunidad ngunit walang naisulat na pangungusap sa bawat pahina |

## V. Takdang Gawain:

Magpadala ng magasin na may mga larawan ng iba-ibang pagdiriwang sa Pilipinas.

## ARALIN 4.2: Mga Pagdiriwang sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 6 araw**

**I. Layunin:**

1. Natutukoy ang iba-ibang pagdiriwang sa komunidad.
2. Nailalarawan ang mga gawain o paraan ng pagdiriwang sa komunidad.
3. Nauunawaan kung paano nakikibahagi ang pamilya o paaralan sa pagdaraos ng mga pagdiriwang.
4. Naipaliliwanag ang mga dahilan at kahalagahan ng mga pagdiriwang.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Iba-Ibang Pagdiriwang sa Komunidad

**Kagamitan:** krayola, art paper o anumang makukulay na papel, **manila paper**, Modyul 4, Aralin 4.2

**Integrasyon :** sining

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Itanong: Ano- ano ang mga pagdiriwang sa inyong komunidad?
2. Mangalap ng iba-ibang ideya mula sa mga mag-aaral kung ano-anong mga pagdiriwang ang ginaganap sa kanilang komunidad.
3. Itala sa pisara at pag-usapan.
4. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga sussing tanong sa Alamin Mo. Subukang ipasagot sa mga bata.
2. Basahin sa klase ang iba-ibang pagdiriwang.
3. Gamitin ang mga tanong sa pagtalakay ng aralin.
4. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain sa **Gawin Mo**. Ipagawa ang mga gawain ng pangkatan.
5. Ipaulat ang mga ginawa ng bawat pangkat. Pag-usapan ito.
6. Bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa kahon sa **Tandaan Mo**.

## IV. Pagtataya:

Pasagutan ang gawain sa **Natutuhan Ko**.

## V. Takdang Gawain:

Magpakalap sa mga bata ngmga larawan ng kanilang komunidad noon at ngayon. Magpatulong sa mga magulang sa pagngangalap nito.

## VI. Culminating Activity:

1. Pangkatin ang klase sa 5.
2. Papiliin ang bawat pangkat ng pagdiriwang na gusto nila.
3. Itanong kung paano ipinagdiriwang ito sa kanilang sariling pamilya. Ipaulat sa klase.

# ARALIN 4.3: Mga Pagbabago sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon**: 5-6 araw

## I. Layunin:

1. Natutukoy ang mga pagbabagong nagaganap sa komunidad sa iba- ibang larangan batay sa kuwento ng mga nakatatanda ayon sa uri ng transportasyon, pananamit, libangan, bilang ng populasyon, at iba pa.
2. Nailalarawan ang mga pagbabagong ito sa iba-ibang malikhaing paraan.
3. Nailalagay sa **timeline** ang mga pagbabagong naganap sa komunidad ayon sa pagkakasunod- sunod ng mga pangyayari.
4. Nakagagawa ng maikling sanaysay tungkol sa nabuong **timeline**.

## II. Paksang Aralin:

**Paksa:** Ang Aking Komunidad Noon at Ngayon

**Kagamitan:** larawan ng iba-ibang uri ng sasakyang panlupa at pandagat; larawan ng komunidad sa iba-ibang panahon; Modyul 4, Aralin 4.3

**Integrasyon:** Wika, Pagbasa

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Itanong: Alam ba ninyo ang anyo ng iyong komunidad noon? May napansin ka bang pagbabago rito?
2. Pag-usapan ang mga sagot ng bata.
3. Iugnay sa araling tatalakayin.

### B. Paglinang:

1. Ipabasa ang kuwento, “Ang Aking Komunidad Noon at Ngayon” na nasa modyul.
2. Ipangkat ang klase sa apat. Ipasagot ang mga tanong pagkatapos basahin ang kuwento.
3. Ipaulat ang ginawa ng bawat pangkat.
4. Talakayin at pag-usapan ang ulat at nilalaman ng kuwento.
5. Sa Gawain A, ipasulat sa papel ang Noon o Ngayon ayon sa sinasabi ng bawat kalagayang nagaganap sa isang komunidad.
6. Sa Gawain B, ipaliwanag ang panuto sa mga bata. Gabayan sila sa pagsagot sa gawaing ito.
7. Sa Gawain C, maghanda ng mga magasin na may mga larawan ng iba-ibang uri ng sasakyang panlupa. Gabayan ang klase na makahanap ng mga sasakyang kailangan sa gawain. Kung walang katulad na larawan ng sasakyang ginamit sa kanilang komunidad, ipaguhit ito sa papel bago ipadikit sa timeline.
8. Sa Gawain D, magpasulat sa **meta strips** ng 2-3 pangungusap tungkol sa ginawang tsart sa gawain D.(Tandaan : Isang pangungusap bawat **meta strip**). Ipadikit ang **meta strip** sa tsart ng Gawain C.
9. Ipapaskil ang lahat ng ginawa ng mga bata. Pag-usapan at pahalagahan ang kanilang mga **output**.
10. Bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

## IV. Pagtataya:

Pasagutan ang **Natutuhan Mo**.

## V. Takdang Gawain:

Magpakalap ng mga larawan ng mga bagay na nananatili o di nagbabago sa kinabibilangang komunidad ng mga bata.

## VI. Culminating Activity:

1. Magdaos ng isang programa na magpapakita ng mga **output** ng mga bata tungkol sa kasaysayan ng kanilang mga komunidad.
2. Magtanghal ng **exhibit** ng mga ginawa ng klase. Imbitahan ang kanilang mga magulang.

## ARALIN 4.4: Mga Bagay na Nananatili sa Aking Komunidad

### Takdang Panahon: 5 araw

**I. Layunin:**

1. Natutukoy ang mga bagay na hindi nagbago o nanatili sa komunid batay sa kuwento ng mga nakatatanda tulad ng:
   a. pangalan ng estruktura, kalye o lugar;
   b. mga kinakain;
   c. gusali;
   d. parke; at
   e. at iba pa.
2. Natutukoy ang mga dahilan kung bakit nanatili o hindi nagbago ang mga bagay na ito sa komunidad.
3. Nakasusulat ng maikling sanaysay tungkol sa mga bagay na nanatili sa komunidad
4. Naipakikita ang pagmamalaki sa mga bagay na nanatili sa komunidad sa iba't-ibang paraan; at
5. Nakabubuo ng paglalahat tungkol sa pagpapatuloy at pagbabago sa komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Mga Bagay na Nananatili sa Komunidad

**Kagamitan:** mga larawan ng komunidad, estruktura, atb. noon at ngayon Modyul 4, Aralin 4.4

**Integrasyon:** Sining/Research

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Itanong sa mga bata kung ano-ano ang bagay na hindi nagbago o nananatili sa kanilang komunidad.
2. Ganyakin din sila na alamin ang mga dahilan kung bakit nanatili o hindi nagbago ang mga bagay na ito.
3. Iugnay sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa ang paliwanag ng dalawang bata tungkol sa "Mga Bagay na Nanatili sa Komunidad na nasa **Alamin Mo**. Maaari rin itong gawing sabayang pagbigkas upang maging kawili-wili sa klase.

3. Patnubayan ang mga bata sa pagsagot sa mga tanong na kasunod ng babasahin.
4. Ipagawa ang mga gawain sa **Gawin Mo**.
5. Gawain A, ganyakin ang mga bata na mangalap ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay na di nagbago o nanatili sa kanilang komunidad. Ipaalaala din sa mga bata na aalamin nila ang mga dahilan ng pananatili ng mga ito. Ganyakin din sila na magtanong sa mga nakatatanda sa kanilang lugar. Sa pamamagitan ng tsart o pormat na inilaan, ipasulat sa mga bata ang kasagutan sa tamang kolum.
6. Gawain B, ganyakin ang mga bata na mangalap ng mga larawan ng mga bagay na di nagbago o nananatili sa kanilang komunidad. Kung wala silang makitang larawan, maaari nilang iguhit ang mga bagay na ito. Ipaayos ang mga larawang ito sa isang manila paper upang makabuo ang mga bata ng isang **collage**.
7. Gawain C, ganyakin ang mga bata na umisip ng paraan kung paano nila maipakikita ang pagpapahalaga sa mga bagay na nananatili sa kanilang komunidad. Bigyan sila ng mga mungkahing paraan tulad ng tula, awit, tugma, **rap**, **slogan** at iba pa.
8. Gawain D, sa tulong ng tsart ganyakin ang mga bata na sumulat ng 2-3 pangungusap tungkol sa mga larawan ng pagbabago at sa mga larawan na di nagbago.
9. Ipabasa sa mga bata ang kaisipang nakasulat sa **Tandaan Mo**. Ipaunawa sa kanila na may mga bagay sa ating komunidad na nanatili o hindi nagbago batay sa kwento ng mga nakatatanda. Ipaalam din sa mga bata ang mga dahilan kung bakit nananatili o hindi nagbabago ang mga bagay na ito sa komunidad.

**III. Pagtataya:**

1. Ihanda ang limang tanong upang alamin ang mga natutuhan ng mga bata sa katatapos na aralin. Papiliin ang mga bata ang tamang sagot at ipasulat sa kanilang sagutang papel.

**IV. Culminating Activity:**

1. Magtanghal ng isang eksibit tungkol sa pinagmulan at pamumuhay sa komunidad ng mga bata. Ipakita sa eksibit ang mga **output** na ginawa ng mga bata.



# Ikatlong Yunit

# Buhay Komunidad: Hanapbuhay at Pamumuno

# Buhay Komunidad: Hanapbuhay at Pamumuno

**Nilalaman:**

Ang yunit na ito ay naglalaman ng kamalayan at pag-unawa sa konsepto ng pamumuhay sa komunidad, hanapbuhay, pamumuno at paglilingkod.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) modyul:

Modyul 5 –Hanapbuhay at Pamumuhay sa Komunidad
Modyul 6 – Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad


Sa yunit na ito, inaasahan na maipamamalas ng mag-aaral ang:

- pag-unawa sa konsepto ng likas na yaman;
- pagtukoy at paglalarawan sa iba-ibang uri ng likas na yaman;
    - yamang lupa
    - yamang tubig
- pagtukoy at pagkilala sa mga produktong galing sa likas na yaman ng komunidad at iba pang pinanggalingan nito;
- pag-unawa sa konsepto ng hanapbuhay;
- pagtukoy at paglalarawan sa uri ng hanapbuhay ng mga tao sa komunidad;
- pag-uugnay ng uri ng hanapbuhay sa kapaligiran ng komunidad;
    - panahon
    - lokasyon
    - likas na yaman
- pagtukoy at pagtalakay sa epekto ng hanapbuhay sa pangangailangan ng pamilya at komunidad;
- pagbibigay-kahulugan sa badyet;
- paggawa ng simpleng badget ng mag-aaral para sa isang araw base sa kanyang baon;
- pagbuo ng paglalahat tungkol sa kahalagahan ng hanapbuhay;

- pag-unawa sa konsepto ng  pinuno at pamumuno;
- pagtukoy at pagkilala sa mga pinuno ng komunidad at kanilang tungkulin;
- paglalarawan sa karapat-dapat na katangian ng isang pinuno;
- pag-unawa sa konsepto ng paglilingkod;
- pag-uugnay ng konsepto ng pamumuno at paglilingkod sa tao at komunidad;
- pagbibigay-halaga sa pamumuno bilang paglilingkod sa tao at komunidad; at
- pagbibigay ng mungkahi na maaaring gawin upang palakasin ang tama, maayos at makatuwirang pamumuno.

**Paglulunsad ng Yunit:  (1 araw)**

1. Pabuksan ang modyul 5 at 6.  Patingnan at pag-aralan ang larawan sa Modyul 5 at Modyl 6.
2. Pag-usapan ang nilalaman nito.
3. Ipaliwanag ang nilalaman ng yunit at ang mga inaaasahang matututuhan ng mga mag-aaral sa loob ng isang **quarter** o markahan.
4. Ipatala sa kanilang **notebook** ang inaasahang mga kagamitan, larawan at iba pang mga kailangan sa loob ng isang markahan.




# Hanapbuhay at Pamumuhay sa Komunidad

**Panimula**

Ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 5.1: Mga Likas na Yaman ng Aking Komunidad
Aralin 5.2: Mga Hanapbuhay sa Aking Komunidad
Aralin 5.3: Mga Produkto sa Aking Komunidad
Aralin 5.4: Ang Pamumuhay sa Komunidad

Inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang pagkilala at pagpapahalaga sa likas na yaman at ang kaugnay na hanapbuhay at produkto nito sa kanyang komunidad.

## ARALIN 5.1 Mga Likas na Yaman ng Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Nabibigyang-kahulugan ang likas na yaman.
2. Natutukoy ang iba-ibang uri ng likas na yaman:
    a. yamang lupa; at
    b. yamang tubig.
3. Natutukoy ang mga yamang nakukuha sa anyong lupa at anyong tubig.
4. Naiisa-isa ang mga likas na yamang nagpapakilala sa komunidad.
5. Naipakikita ang pagpapahalaga sa mga likas na yamang nagpapakilala sa komunidad sa malikhaing paraan.

## II. Paksang-Aralin:

**Paksa:** Likas na Yaman sa Aking Komunidad
**Kagamitan:** lapis**, ruler**, krayola, Modyul 5, Aralin 5.1 pahina, **meta strips**

| | |
|---|---|
| **Integrasyon:** | sining, pangangalaga sa likas na yaman |

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Magpakita ng mga larawan ng likas na yaman na makikita sa anyong lupa at anyong tubig.
2. Pag-usapan ang tungkol sa larawan.
3. Itanong kung alin sa mga anyong lupa at tubig ang mayroon sila sa kanilang komunidad.
4. Iugnay sa aralin.

### B. Paglinang:

1. Ilahad ang susing tanong sa Alamin Mo, Aralin 5.1
2. Basahin ang talata.
3. Pagmasdan at pag-aralang mabuti amg mga larawanna kasunod ng talata. Pag-usapan ang tungkol dito.
4. Ipasagot ang mga tanong.
5. Pag-usapan ang tungkol sa yamang-lupa at yamang-tubig.
6. Pagbigayin ng mga halimbawa ng yamang-lupa at yamang-tubig.
7. Ipagawa ang mga pagsasanay sa Gawin Mo.
    - Para sa Gawain A.
      Ipaguhit sa papel ang mga yamang lupa at yamang tubig na nakukuha sa kanilang komunidad. Pagkatapos ay pakulayan.
    - Para sa Gawain B
      Ipapaskil sa malapad na papel upang makabuo ng collage. Isa para sa yamang tubig at 1 para sa yamang lupa.
    - Para sa Gawain C
      Pagawain ang mga bata ng **poster** tungkol sa pangangalaga ng mga yamang tubig. Palagyan ito ng pamagat. Ipapaskil ang lahat ng nabuong **poster** at pumili ng pinakamagandang gawa.
8. Bigyang-pansin ang kaisipan na nasa Tandaan Mo.

**IV. Pagtataya:**

Ipasagot ang **Natutuhan Ko**.

**V. Takdang Gawain:**

Magpadala ng larawan ng mga hanapbuhay.

**VI. Culminating Activity:**

Magpagawa ng isang babala tungkol sa pangangalaga sa mga yamang lupa. Isulat sa cartolina. Ipadikit sa mga daanang lugar upang mabasa ng mga mag-aaral.

## ARALIN 5.2 Mga Hanapbuhay sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon – 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Nabibigyang-kahulugan ang salitang "hanapbuhay."
2. Natutukoy ang mga hanapbuhay ng mga tao sa komunidad.
3. Nahihinuha/naiuugnay ang epekto ng kapaligiran sa uri ng hanapbuhay at pinagkukunang yaman sa komunidad
4. Nakapangangalap ng kuwento tungkol sa karanasan ng isang taong may hanapbuhay
5. Nailpaliliwanag ang epekto ng hanapbuhay o kawalan ng hanapbuhay sa pamilya at komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Mga Hanapbuhay sa Komunidad
**Kagamitan:** mga larawan ng iba-ibang hanapbuhay, papel**, manila paper**, krayola, lapis, Modyul 5, Aralin 5.2

**Integrasyon:** Pagsulat/Storytelling

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Alamin sa mga bata ang hanapbuhay ng mga tao sa kanilang komunidad.
2. Itala sa pisara. Pag-usapan.
3. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga susing tanong sa Alamin Mo, Aralin 5.2
2. Basahin at pag-usapan ang hanapbuhay na nasa larawan
3. Gamitin ang mga tanong sa ilalim ng babasahin sa pagtalakay sa aralin. Maaari ring gawing pangkatan ang pagsagot sa mga tanong.
4. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain sa "Gawin Mo".

Gawain A

- Ipasulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.
- Iwasto at pag-usapan ang mga maling sagot ng bata.

Gawain B

- Pagawin ang mga bata ng graphic organizer na katulad ng nasa Modyul 5, Aralin 5.2. Pasagutan ito. Ipapaskil ang ginawa sa pisara/**bulletin board**. Ipawasto sa mga bata ang kanilang mga sagot.

Gawain C

- Maghanda ng malapad na papel o **manila paper** at krayola.
- Gumawa ng **graffiti board**
- Iguhit ang iba-ibang hanapbuhay sa iyong komunidad. Kulayan ang iginuhit.
- Sumulat ng sanaysay tungkol sa iginuhit na mga hanapbuhay o kaya ay kuwento tungkol sa isang tao na may hanapbuhay na katulad ng iginuhit.
- Ilagay sa paskilan ang mga natapos na gawain.

Gawain D

- Ipagamit ang multi-flow map upang mahinuha ang epekto ng hanapbuhay sa pamilya at sa komunidad. Itanong sa mga bata ang mga sumusunod:

  Ano ang kabutihan sa pamilya kung ang:
  - ama ay may hanapbuhay
  - bawat miyembro ng pamilya ay may hanapbuhay?

  Ano ang kabutihan sa komunidad kung karamihan o ang bawat mamamayan ay may hanapbuhay?

  Ano ang maaaring mangyari kung ang:
  - ama ay walang hanapbuhay
  - bawat miyembro ng pamilya ay walang hanapbuhay?
  - Karamihan o bawat mamamayan sa komunidad ay walang hanapbuhay

- Mula sa kanilang mga sagot, itanong sa mga bata ang:

  Mahalaga ba ang pagkakaroon ng hanapbuhay?

  Bakit? (Ipasulat ang kanilang mga sagot)

5. Patnubayan ang mga bata na makabuo ng paglalahat. Bigyang diin ang kaisipang dapat tandaan ng mga mag-aaral na nakapaloob sa kahon ng Tandaan Mo.

## III. Pagtataya:

Pasagutan ang mga pagsasanay sa Natutuhan Ko, Modyul 5, Aralin 5.3

Rubrics

3 – Nakasulat ng isang pangungusap na may kumpletong kaisipan

2 – Nakasulat ng isang pangungusap subalit kulang ang kaisipan

1 – Nakasulat ng pangungusap subalit hindi maibigay ang angkop na kahulugan ng hanapbuhay

## Aralin 5.3 Mga Produkto sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5 – 6 araw**

**I. Layunin:**

1. Natutukoy ang mga produktong matatagpuan sa komunidad at ang pinanggagalingan nito.
2. Naiisa-isa ang mga produktong nagpapakilala sa komunidad.
3. Naiuugnay ang produktong matatagpuan sa komunidad sa uri ng kapaligiran.
4. Naipakikita ang pagpapahalaga sa mga produkto ng komunidad sa iba-ibang pamamaraan.

**II. Paksang-Aralin:**

**Paksa:** Mga Produkto Sa Aking Komunidad
**Kagamitan:** larawan, lapis, **ruler**, krayola, aklat, Modyul 5, Aralin 5.3

**Integrasyon:** Filipino –Sining

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**
1. Magpakita ng mga produktong tulad ng: peanut butter, pastillas, suman, banana chips, kendi at iba.
2. Pag-usapan ang pinagmulan ng mga produktong ito.
3. Tanungin din ang mga bata kung anong produkto ang mayroon sila sa kanilang komunidad at ang pinanggalingan ng mga ito.
4. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**
1. Ipasagot ang mga tanong na nasa Alamin Mo ng Modyul 5, Aralin 5.3. Pag-usapan ang kanilang mga sagot.

2. Basahin ng guro ang bawat kalagayan ng bawat larawan ng komunidad.
3. Ipasagot ang mga tanong.
4. Igabay ang mga bata sa kanilang mga sagot.
5. Ipagawa ang sinasabi ng panuto sa Gawin Mo.
6. Ipaskil ang mga produktong iginuhit ng mga bata. Bumuo ng isang malaking **collage** buhat sa mga gawa n mga bata.
7. Gabayan angklase sa pagsasagawa ng pagsasaliksik sa mga produktong nagpapakilala sa kanilang komunidad. Ipaulat ang kanilang ginawa.
8. Patnubayan ang mga bata na makabuo ng paglalahat. Bigyang diin ang kaisipang dapat tandaan ng mga mag-aaral na nakapaloob sa kahon ng Tandaan Mo.

**IV. Pagtataya:**

1. Ipasagot ang pagsasanay A at B sa Natutuhan Mo p. 176..
2. Iwasto ang ginawa ng mga bata.

**V. Takdang Gawain:**
Ipatanong sa magulang ang sumusunod:

- Magkano ang kabuuang kita ng mga magulang sa loob ng isang buwan?
- Magkano ang gastusin sa pagkain, kuryente, tubig at ba pang pangangailangan?

**VI. Culminating Activity:**

1. Magpaguhit ng mga larawan ng produktong matatagpuan sa kanilang komunidad, kulayan ito.
2. Ipaskil ang ginawa ng mga bata.

# ARALIN 5.4 Ang Pamumuhay sa Komunidad

**Takdang Panahon: 4-5 araw**

**I. Layunin:**

1. Naitatala ang pangunahing pangangailangan ng pamilya sa isang komunidad.
2. Nabibigyang kahulugan ang salitang badyet.
3. Nakagagawa ng simpleng badyet para sa isang araw base sa talaan ng pangangailangan.
4. Naiuugnay ang hanapbuhay sa pangangailangan ng pamilya.
5. Nakabubuo ng paglalahat tungkol sa kahalagahan ng hanapbuhay sa pamumuhay ng mga tao sa komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Ang Pamumuhay sa Komunidad
**Kagamitan**: tsart ng iba-ibang hanapbuhay, mga aklat, Modyul, Aralin 5.4

**Integrasyon**: Mathematics (addition & division), Economics (pagbabadyet)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Magdaos ng "Brainstorming". Itanong:
   - Magkano ang inyong baon araw-araw?
   - Sapat ba ang iyong baon sa iyong pangangailangan sa eskuwela?
   - Paano mo pinakakasya ang iyong baon?
   - May naiipon ka ba mula sa iyong baon?
2. Pag-usapan ang sagot ng mga bata.
3. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang**

1. Gabayan ang mga bata sa pagsagot ng mga tanong na nasa Alamin Mo.

2. Babasahin ng guro ang tungkol sa "Pangangailangan ng Tao sa Komunidad"
3. Sagutin at talakayin ang mga tanong.
4. Ipagawa ang sinasabi sa **Gawin Mo.**

   Gawain A
   - Ipabasa ang kuwento at pasagutan ang mga tanong.
   - Igabay ang mga bata sa kanilang pagsagot.

   Gawain B
   - Hayaang gumawa ang mga bata ng badyet para sa isang araw na gastusin sa pagpasok sa paaralan gamit ang ginawang talaan.
   - Ipasagot ang mga tanong.

   Gawain C
   - Ipasulat sa talaang inihanda ng guro.
   - Ipasagot ang mga tanong. Pag-usapan ang mga sagot ng bata.

   Gawain D
   - Ipabasa ang sitwasyon at ipasagot ang mga tanong
   - Ipasulat sa sagutang papel ang sagot

5. Patnubayan ang mga bata na makabuo ng paglalahat. Bigyang diin ang kaisipang dapat tandaan ng mga mag-aaral na nakapaloob sa kahon ng Tandaan Mo.

## IV. Pagtataya:


Pasagutan ang pagsasanay sa **Natutuhan Ko**.

## V. Takdang Gawain:

1. Magsagawa ng panayam sa pinuno ng iyong komunidad.
2. Alamin ang kaniyang tungkulin sa komunidad.
3. Magtanong din sa magulang kung ano ang katangian ng pinuno ng iyong komunidad
4. Ipatala ang mga nakalap na impormasyon sa **notebook**.

## VI. Culminating Activity:

1. Magsagawa ng isang panayam sa kanilang magulang tungkol sa pangunahing pangangailangan ng pamilya.
2. Itala ang nakalap na impormasyon sa Activity Notebook.




# Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

**Panimula**

Ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 6.1 – Pinuno at Pamumuno sa Komunidad
Aralin 6.2 – Paglilingkod sa Komunidad
Aralin 6.3 – Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

Inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa konsepto ng pamumuno at paglilingkod sa komunidad.

**Paunang Gawain: (1 araw)**

1. Pabuksan ang Modyul 6. Ipasuri ang nakalarawan dito.
2. Itanong kung ano ang nakikita nila sa larawan. Pag-usapan ang mga sagot ng bata.
3. Itanong din kung kilala ang namumuno ng mga bumubuo ng komunidad. Halimbawa: Paaralan-Prinsipal; Sambahan-pari/pastor/imam; Barangay-Kapitan, at iba pa.
4. Pag-usapan ang mga kasagutan. Alamin kung ilan sa mga bata ang nakakakilala sa mga pinuno ng mga bumubuo ng kanilang komunidad.
5. Ilahad ang mga paksang tatalakin sa modyul na ito.
6. Itala ang mga kagamitang dapat ihanda ng mga bata sa pagtalakay ng bawat aralin sa modyul 6.

## Aralin 6.1: Pinuno at Pamumuno sa Komunidad

**Takdang Panahon – 5 araw**

**Layunin:**

**I.**

1. Nabibigyang kahulugan ang salitang "pinuno" at "pamumuno."
2. Natutukoy ang mga pinuno ng iba-ibang bahagi ng komunidad: Halimbawa: simbahan-pari; paaralan-prinsipal.
3. Nailalarawan ang katangian ng isang karapat-dapat na pinuno.
4. Nasasabi kung bakit kailangan ang pinuno.
5. Natutukoy ang tungkulin ng mga pinuno sa komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Pinuno at Pamumuno sa Komunidad
**Kagamitan:** mga larawan, papel, manila paper, krayola, lapis, Modyul 6, Aralin 6.1

**Integrasyon:** Wika at Pagsulat

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Gabayan ang mga bata upang masagot ang sumusunod na tanong:
    - Kilala mo ba kung sino-sino ang pinuno sa inyong komunidad?
    - Paano kayo tinutulungan ng inyong pinuno sa komunidad?
    - Ano sa palagay mo ang mangyayari kung walang pinuno?
2. Pag-usapan ang mga sagot ng bata.
3. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ipabasa ang "Basahin." Talakayin ang katuturan ng mga salitang *pinuno* at *pamumuno.*
2. Talakayin ang bawat katangian na dapat taglayin ng isang mahusay na pinuno. Maaaring magbigay ng karagdagang

katangian ang mga bata maliban sa mga nabanggit. Pag-usapan ito.

3. Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa mga sumusunod na tanong:
    - Mayroon ka bang kilalang pinuno na tumutugon sa mga katangiang nabanggit?
    - Tumutupad ba siya sa kaniyang mga tungkulin?
    - Maaari mo bang ibahagi sa amin ang kaniyang kuwento at kung sino siya?
4. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain.

Gawain A
- Pag-ugnayin ang larawan sa Hanay **A** at Hanay **B**.
- Ipasulat ang letra ng tamang sagot sa papel.

Gawain B
- Magsagawa ng panayam sa sinumang pinuno sa inyong komunidad.
- Alamin ang katangian ng bawat isa at ang kaniyang ginagawang paglilingkod sa komunidad.
- Iulat sa klase ang resulta ng panayam. Gamitin ang tsart na nasa modyul.

Gawain C
- Magpasulat ng liham pasasalamat sa paborito nilang pinuno bilang pagpapahalaga sa kaniyang nagawa sa iyong komunidad. Gamitin ang halimbawang nasa modyul.

Gawain D
- Ipatapos ang pangungusap na nakasulat sa modyul.

5. Patnubayan ang mga bata na makabuo ng paglalahat. Pagtuunan ng pansin ang kaisipang dapat tandaan ng mga mag-aaral na nakapaloob sa kahon sa **Tandaan Mo.** Magbigay ng mga susing tanong.

**III. Pagtataya:**

1. Ipagawa ang **Natutuhan Ko**.
2. Ipasulat ang sagot sa sagutang papel.

## IV. Takdang Gawain:

1. Magpakalap ng larawan ng taong kilala o sikat sa komunidad. Halimbawa: kilala dahil sa ginawang masarap na banana chips, pinakamahusay na guro o doktor sa komunidad at iba pa.

## V. Culminating Activity:

*Tagis-talino.*
Kumuha ng kapartner. Bigyan ng 3 minuto ang mga bata upang makapaghanda. Sa anyong balagtasan ay ipagmamalaki ng bawat isa ang kanilang mga pinuno sa komunidad. Magbigay ng 2 minuto sa bawat gagawing presentasyon.

# Aralin 6.2 Paglilingkod sa Komunidad

**Takdang Panahon: 5 – 6 araw**

## I. Layunin:

1. Nasasabi na ang pamumuno ay paglilingkod sa komunidad.
2. Nakikilala at nailalarawan ang katangian at nagawa ng mga naglilingkod sa komunidad.
3. Naisasalaysay ang mga mahahalagang tao/pamilyang nakaimpluwensiya sa iba-ibang larangan sa buhay- komunidad.

## II. Paksang-Aralin:

**Paksa:** Paglilingkod sa Komunidad
**Kagamitan:** larawan ng iba't ibang naglilingkod sa komunidad (hal. kaminero, basurero, komadrona, tindera atb.), lapis, krayola, **ruler**, pandikit, kartolina, Modyul 6, Aralin 6.2

**Integrasyon:** EsP – pagkamatulungin; Sining - pagguhit

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Pangkatin ang mga bata ayon sa kinabibilangang komunidad. Magpakita ng mga larawan ng mga taong nagbibigay ng paglilingkod sa komunidad (community helpers).

2. Itanong sa mga bata kung may mga taong naglilingkod din sa kanilang komunidad tulad ng kanilang pinag-uusapan.
3. Tingnan kung aling pangkat ang may pinakamaraming community helpers.
4. Pag-usapan ang kinalabasan ng pangkatang gawaing ito.
5. Iugnay sa aralin.

**B. Paglinang:**

1. Ipabasa at ipasagot ang mga susing tanong sa **Alamin Mo**.
2. Ipabasa ang teksto sa basahin at pag-aralan.
3. Ipasagot ang mga kasunod na tanong. Talakayin ang bawat kasagutan. Iwasto ang mga maling sagot.
4. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat Gawain.
5. Para sa Gawain A,
    - Ipaguhit sa papel ang mga taong naglilingkod para sa kalusugan sa kanilang komunidad
6. Para sa Gawain B:
    - Ipagawa ang pagsasanay.
7. Para sa Gawain C
    - Ipakuha ang larawan ng taong kilala sa iba-ibang larangan sa kanilang komunidad.
    - Ipadikit ang larawan sa kartolina at magpabuo ng collage.
    - Palagyan ng pamagat
    - Ipapaskil at ipakuwento ito sa klase.
8. Pag-usapan at bigyang-diin ang mga kaisipang nakatala sa kahon ng **Tandaan Mo.**

## IV. Pagtataya:

1. Pasagutan ang mga gawain sa **Natutuhan Ko.**

   Ipasuri ang mga pangungusap. Ipasulat ang Tama kung may katotohanan ang isinasaad nito. Kung di totoo, isulat ang salitang nagpamali. Ipasulat ang sagot sa papel.

## V. Culminating Activity:

Magtanghal ng eksibit ng ginawa ng mga bata. Imbitahan ang kanilang mga magulang.

## ARALIN 6.3 Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

**Takdang Panahon- 4-5 araw**

**I. Layunin:**

1. Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng maganda at di magandang pamumuno sa komunidad.
2. Nahihinuha ang epekto ng magandang pamumuno at paglilingkod sa komunidad.
3. Nahihinuha ang epekto ng di-magandang pamumuno at paglilingkod sa komunidad.
4. Nakapagbibigay ng mungkahi kung ano ang mga maaring gawin upang palakasin ang tama, maayos at makatuwirang pamumuno.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Epekto ng Pamumuno sa Komunidad

**Kagamitan:** babasahin, Modyul6, Aralin 6.3, mga larawan ng mga lingkod-bayan (hal. pulis, lokal na pinuno, pinuno ng paaralan)

**Integrasyon:** EsP (katapatan sa tungkulin, pagsunod sa batas)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Ituro ang awit sa himig ng Magtanim ay Di-biro

Ang mga namumuno sa aking komunidad,
Hindi nagpapabaya, lahat ay masisipag.
Sa kanilang tungkulin, sila ay gumaganap,
Upang ang komunidad ay lalo pang umunlad.

Naglilingkod sila sa mamamayan
Iniisip nila, kanilang kapakanan
(koro)

1. Itanong: Ano-ano ang katangian ng isang pinuno sa awit? Ano ang bunga kung ang pinuno ay may ganitong katangian?
2. Iugnay ang nilalaman ng awit sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ipasagot sa mga bata ang tanong na nakasulat sa **Alamin Mo**.
2. Talakayin ang mga kasagutan. Hingin ang saloobin o opinion ng mga mag-aaral sa paraan/uri ng pamumuno sa kanilang komunidad. (hal. Mabuti ba/di-mabuti ang pamumuno?)
3. Ipabasa ang talata tungkol sa "Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad." Pag-aralan ang larawan ng epekto ng mabuting pamumuno at di-mabuting pamumuno.
4. Itanong sa mga bata kung nagkaroon na sa kanilang komunidad ng sitwasyon na di-mabuti ang naging pamumuno ng kapitan ng barangay/punongguro ng paaralan? Itanong kung ano ang nangyari.
5. Talakayin ang epekto ng maganda at di-magandang pamumuno at paglilingkod sa komunidad.
6. Hatiin sa dalawang grupo ang mga bata. Unang pangkat para sa Gawain A at ikalawang pangkat ay Gawain B. Ipasagot ang mga tanong na kasunod sa Gawain A at Gawain B.
7. Ipaulat ang ginawa ng bawat pangkat. Bigyang tuon ang katangian ng dalawang pinunong inilahad sa Gawain A at B.
8. Ipagawa ang Gawain C sa mga bata. Ipasulat o ipaguhit ang sagot.
9. Sa Gawain D, maghanda ng tsart na katulad ng nasa modyul. Ipaskil. Bigyan ang mga bata ng metastrips at ipasulat ang kanilang mga sagot. Ipadikit sa tamang kolum sa tsart.
10. Iwasto ang sagot ng mga bata. Itanong ang epekto ng mabuti at di-mabuting pamumuno sa pamayanan. Magdagdag ng karagdagang paliwanag ang guro.
11. Gabayan ang klase na makabuo ng paglalahat. Bigyang diin ang apat na kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng **Natutuhan Ko**.

**V. Culminating Activity:**

1. Pumili ng isang lingkod-bayan sa iyong komunidad na iyong hinahangaan. (Maaaring, Kapitan ng Barangay, pulis, principal ng iyong paaralan, guro, o doktor).
2. Gumawa ng isang maikling salaysay tungkol sa kanya;
   - Bakit mo siya hinahangaan/nagustuhan?
   - Ano ang kanyang ginagawa?



# Ikaapat na Yunit

# Pagiging Bahagi ng Komunidad

# Pagiging Bahagi ng Komunidad

**Nilalaman:**

Ang yunit na ito ay naglalaman ng mga kaalaman tungkolsa kamalayan at pagpapahalaga ng mga tao sa kanilang mga gawain at tungkulin bilang bahagi ng komunidad.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) modyul:
Modyul 7 – Kahalagahan ngSerbisyo sa Komunidad
Modyul 8 – Ang Aking Papel sa Komunidad

Pagkatapos ng yunit na ito, inaasahan na maipamamalas ng mga mag-aaral ang:

- paglalahad ng kahalagahan ng mga serbisyo sa komunidad tulad ng:
  - pag-aalaga sa kalikasan
  - kalusugan
  - edukasyon
  - seguridad
  - at iba pa
- pagtukoy at pag-unawa sa mga karapatan ng bawat kasapi ng komunidad
- pagpapakita ng pagpapahalaga ng komunidad sa sariling buhay
- pagtukoy ng sariling pananagutan bilang kasapi ng komunidad
- pagtukoy at pagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin ng komunidad
- pagtukoy at paglalarawan sa mga gawaing nagpapakita ng pagtutulungan at pakikipagkapwa
- pagpapakita ng kahalagahan ng sariling papel at tungkulin sa komunidad
- pagpapahayag ng sariling pangarap para sa kinabibilangang komunidad at mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap na ito.




# Ang Kahalagahan ng Serbisyo sa Komunidad

**Panimula:**

Ang modyul na ito ay naglalaman ng kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo sa komunidad at mga karapatan ng bawat kasapi nito.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) aralin:

Aralin 7.1 – Mga Serbisyo sa Komunidad
Aralin 7.2 – Mga Karapatan sa Komunidad

**Paunang Gawain (1 araw)**

1. Pabuksan ang Modyul 7.
2. Pag-usapan ang nakalarawan dito.
3. Tanungin ang klase kung ano ang nakikita sa larawan.
4. Magpabuo ng mga tanong na gusto nilang malaman tungkol sa aralin.
5. Ipasulat sa meta strips. Ipaskil sa pisara. Pagsasa-samahin ang magkakaparehong tanong.
6. Iugnay sa aralin ang mga katanungan nabuo. Ipaskil sa isang korner ng silid ang tanong upang mabalikan pagkatapos ng modyul.

# ARALIN 7.1 Mga Serbisyo saKomunidad

**Takdang Panahon: 5 araw**

## I. Layunin:

1. Naiisa-isa ang serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo ng komunidad:
   - pamilya;
   - paaralan;
   - pamahalaang barangay;
   - pamilihan;
   - simbahan o mosque; at
   - sentrong pangkalusugan.
2. Nailalarawan/nailalahad kung paano tumutugon ang mga serbisyo sa mga pangangailangan ng tao at komunidad.
3. Nahihihinuha mula sa serbisyong ito ang mga karapatan ng tao.

## II. Paksang-Aralin:

**Paksa:** Serbisyong Totoo

**Kagamitan:** lapis, ruler, krayola, aklat, Modyul 7, Aralin 7.1, metastrips

**Integrasyon:** EsP - Pagkilalasa Tungkulin ng Bawat Isa

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Muling ipakita ang larawan ng paaralan, barangay hall, health center, sambahan at iba pang bumubuo ng komunidad. Pag-usapan ang serbisyong ibinibigay ng bawat isa sa komunidad.
2. Iugnay sa araling tatalakayin.

### B. Paglinang:

1. Ipabasa ang mga usapan at pag-aralan ang mga larawan sa Alamin Mo.

2. Pag-usapan ang bawat serbisyo o tulong na ibinibigay ng iba't ibang bumubuo ng komunidad sa mga mamamayan na binanggit sa usapan.
3. Tanungin ang mga bata kung mayroon pa silang maidadagdag na mga serbisyo maliban sa mga nakatala.
4. Ipasagot at talakayin ang mga tanong.
5. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat Gawain sa Gawin Mo.
   (Paalala sa Guro: Makipag-ugnayan sa mga magulang sa pagsasagawa ng pangkatang gawain na isasagawa sa labas ng paaralan. Iminumungkahing iplanong mabuti ang gawaing ito.)
6. Pangkatin ang klase. Ipagawa sa bawat pangkat ang nakasulat sa Gawain A.
7. Maaaring magpatulong sa mga magulang sa pagsasagawa ng mga gawain.
8. Ipaulat ang nakalap na mga impormasyon.
9. Para sa Pangkatang Gawain B:
   - Maghanda ng **bond paper** at pangkulay.
   - Pangkatin ang mga bata na may tig-limang (5) miyembro bawat pangkat.
   - Gumuhit ng isang eksena sa tahanan, paaralan, simbahan o pamilihan na nagpapakita ng serbisyong ginagawa para sa komunidad.
   - Kulayan ang ginuhit na larawan.
   - Idikit sa paskilan ang mga **output.**
10. Pabalikan ang mga iginuhit na larawan sa Gawain B. Ipasulat kung anong karapatan ang tinutugunan ng mga serbisyong ito.
11. Ipagawa ang Gawain D. Ipakita sa klase ang ginawa.
12. Bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa kahon tungkol sa mga serbisyong ginagawa ng bawat bumubuo ng komunidad upang matugunan ang pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan na nasa Tandaan Mo.

## IV. Pagtataya:

1. Ipasagot ang **Natutuhan Ko**.

## V. Takdang Gawain:

1. Magpasulat sa mga bata ng tatlong karapatang kanilang tinatamasa.
2. Ipasulat din ang tungkulin katumas ng karaptang kanilang tinatamasa bilang bata.

## VI. Culminating Activity:

1. Pangkatin ang klase sa lima (5). Papiliin ang bawat pangkat ng isang (1) serbisyong nagaganap sa komunidad.
2. Ipasadula sa harap ng klase.
3. Pahulaan kung anong serbisyo ang isinadula ng bawat pangkat. Ipaisa-isa ang mga tauhan sa dula.

# ARALIN 7.2 Mga Karapatan Sa Komunidad

**Takdang Panahon- 5-7 araw**

## I. Layunin:

1. Nasasabi ang kahulugan ng karapatan.
2. Natutukoy ang mga karapatan sa buhay:
   ng sarili;ng pamilya; at ng komunidad
3. Nailalarawan kung paano ipinatutupad ng komunidad ang mga karapatang ito.
4. Natutukoy ang epekto ng pagtupad o hindi pagtupad ng mga karapatan sa buhay ng tao at komunidad.
5. Natutukoy ang kahalagahan ng komunidad sa pagtupad ng mga karapatan.
6. Naiisa-isa ang mga katumbas na tungkulin sa bawat karapatang tinatamasa.

## II. Paksang Aralin:

**Paksa:** Mga Karapatan sa Komunidad
**Kagamitan:** mga larawan**, chart**, Modyul 7, Aralin 7.2

| |
|---|
| **Integrasyon:** Sining (Pagguhit)<br>Edukasyon sa Pagpapakatao (Pagpapahalaga sa mga Karapatan at pagtupad sa mga Tungkulin)<br>Health (Pagkain ng Masustansyang Pagkain) |

## III. Pamamaraan:

### A. Panimula:

1. Itanong sa mga bata kung ano ang kahulugan ng karapatan at kung ano-ano ang mga karapatang tinatamasa nila sa kanilang komunidad.

2. Itanong din kung paano pinangangalagaan ng komunidad ang kanilang mga karapatan.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa sa mga bata at pag-usapan ang maikling talata tungkol sa “Bawat Karapatan, May Tungkulin Ako” na nasa Alamin Mo.
3. Ipasagot sa mga bata at pag-usapan ang limang tanong na nakasulat sa Sagutin. Talakayin ang kanilang mga kasagutan.
4. Ipagawa ang mga pagsasanay sa Gawin Mo na nasa modyul upang higit na maunawaan ang aralin.
5. Sa Gawain A, ipasulat sa mga bata ang mga karapatang ipinakikita sa larawan. Ang mga bata ay pipili ng sagot sa loob ng kahon.
6. Sa Gawain B, ipasulat sa mga bata ang + kung maayos na ipinatutupad ng komunidad ang mga karapatan at – kung hindi.
7. Sa Gawain C, ipabasa sa mga bata ang mga sitwasyon o kalagayan at ipasulat sa papel ang sagot sa tanong.
8. Sa Gawain D, ipaguhit sa mga bata ang kanilang tungkulin sa bawat karapatang nakatala. Talakayin ito sa klase.
9. Sa Gawain E, magpagawa sa mga bata ng Liham ng Pasasalamat sa kanilang komunidad sa pagtupad sa tinatamasa nilang karapatan. Buuin ang liham na nakasulat sa ibaba.
10. Ipabasa ang Tandaan Mo.

**IV. Pagtataya:**


1. Ipasagot ang **Natutuhan Ko**, Modyul, pahina 245.
2. Ipabasa sa mga bata ang bawat pangungusap. Ipapili ang letra ng tamang sagot at ipasulat ang tamang sagot sa kanilang sagutang papel.

**V. Takdang Gawain:**

1. Magpatanong sa mga matatanda kung ano-ano ang mga tungkuling ginagampanan ng mamamayan sa komunidad. Ipatala ang sagot sa notebook.

**VI. Culminating Activity:**

1. Mangalap ng mga larawan at idikit sa isang **coupon bond** na nagpapakita ng mga karapatang tinatanggap ng mga bata sa isang komunidad.




# Ang Aking Papel sa Komunidad

**Panimula:**

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga sa papel at pananagutan na dapat gampanan sa komunidad.

Ito ay nahahati sa apat na (4) aralin:

Aralin 8.1 –Tungkulin Ko sa Aking Komunidad
Aralin 8.2 – Mga Alituntunin sa Komunidad
Aralin 8.3 – May Pagtutulungan sa Aking Komunidad
Aralin 8.4 – Ang Pangarap Kong Komunidad

Inaasahan na maipamamalas ng mga mag-aaral ang:

- pagtukoy ng sariling pananagutan bilang kasapi ng komunidad
- pagtukoy at pagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin ng komunidad
- pagtukoy at paglalarawan sa mga gawaing nagpapakita ng pagtutulungan at pakikipagkapwa
- pagpapakita ng kahalagahan ng sariling papel at tungkulin sa komunidad
- pagpapahayag ng sariling pangarap para sa kinabibilangang komunidad at mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap na ito

## Aralin 8.1 Tungkulin Ko Sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5 -6 araw**

**I. Layunin:**

1. Natutukoy ang sariling tungkulin bilang kasapi ng komunidad.
2. Naipapakita ang tungkuling ito sa iba-ibang aspeto ng buhay sa pamamagitan ng mga malikhaing pamamaraan ng sining.
3. Nailalarawan ang epekto ng pagtupad at hindi pagtupad ng mga tungkulin sa komunidad.

**II. Paksang-Aralin:**

**Paksa:** Tungkulin Ko Sa Aking Komunidad
**Kagamitan:** larawan ng mga tungkuling ginagawa sa komunidad, krayola, **ruler**, lapis, kartolina, Modyul 8, Aralin 8.1

| | |
|---|---|
| **Integrasyon:** | Sining, ESP - pagkamasipag |

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Ituro ang awit

**Tayo'y May Tungkulin (Himig: Pamulinawen)**

Ang batang tulad ko ay mayroong tungkulin
Sa aking sarili na dapat kong gawin
Maging sa magulang, paaralan natin
At sa komunidad naman ay gayundin.

**Itanong:**

Nagustuhan ninyo ba ang awit?
Ano ang nilalaman ng awit?

2. Iugnay ang nilalaman ng awit sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa ang “Tungkulin Ko sa Komunidad, Gagampanan Ko”.
3. Pasagutan ang mga tanong sa kasunod. Gawing pangkatang gawain ang pagsagot sa mga tanong. Gabayan ang mga bata sa pagsagot.
4. Ipaulat ang ginawa ng bawat pangkat.
5. Talakayin at pag-usapan ang mga kasagutan.
6. Ipagawa ang **Gawin Mo**. Gamiting gabay ang mga sumusunod:

   Gawain A.
   - Ipaguhit ang ♡ kung kaya nilang gawin ang mga nakatalang tungkulin.

   Gawain B.
   - Ipasulat kung ano ang tungkuling dapat isagawa sa bawat sitwasyon.

   Gawain C.
   - Ipaguhit sa papel ang maaaring maging epekto ng pagtupad at di pagtupad sa tungkulin.

   Gawain D.
   - Iguhit sa papel ang tungkulin mo sa pangangalaga sa kapaligiran ng iyong komunidad.
7. Bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa **Tandaan Mo**.

**IV. Pagtataya:**

Ipasagot ang **Natutuhan Ko**.

**V. Culminating Activity**:

1. Iguhit ang mga tungkulin sa komunidad.

| | | |
|---|---|---|
| Pangkat A | - | Tungkulin sa Sarili |
| Pangkat B | - | Tungkulin sa Tahanan |
| Pangkat C | - | Tungkulin sa Paaralan |
| Pangkat D | - | Tungkulin sa Komunidad |
| Pangkat E | - | Tungkulin sa Simbahan |

1. Ipaskil ito.

# ARALIN 8.2 Mga Alituntunin sa Komunidad

**Takdang Panahon – 5-6 araw**

**I. Layunin:**

1. Natutukoy ang mga alituntunin sa kinabibilangang komunidad.
2. Nakapagbibigay ng mga halimabawa ng pagtupad at paglabag sa mga alituntuning ito.
3. Naihahambing ang epekto sa pamilya at sa komunidad ng pagsunod at paglabag sa mga alituntunin ng komunidad.
4. Naisasabuhay ang mga alituntuning ipinatutupad sa kinabibilangang komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Mga Alituntunin sa Komunidad

**Kagamitan:** mga larawan, papel, **manila paper**, krayola, lapis, Modyul 8, Aralin 8.2

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Magpakita ng halimbawa ng alituntuning ipinatutupad sa paaralan. Halimbawa: Panatilihing malinis ang kapaligiran ng paaralan.
2. Pag-usapan ang magiging epekto nito kung susundin o hindi susundin ang alituntuning ito sa mga bata at paaralan.
3. Iugnay ito sa aralin

**B. Paglinang:**

1. Ilahad ang mga susing tanong sa Alamin Mo.
2. Ipabasa at talakayin ang **Alituntunin sa Komunidad**.
   - Bigyang kahulugan ang “ordinansa”.
   - Pag-usapan ang bawat nakatalang halimbawa ng ordinansa.
   - Pasagutan ang bahaging **Sagutin.** Talakayin.
3. Ipaliwanag ang panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain sa Gawin Mo.

   Gawain A
   - Isagawa ang sinasabi sa bawat panuto.

   Gawain B

- Piliin ang bilang ng larawang nagpapakita ng paglabag sa mga alituntunin ng komunidad.

Gawain C

- Punan ang **graphic organizer**. Isulat ang sagot sa tanong.

Gawain D

- Pumili ng isa sa mga alituntunin ng komunidad na nabanggit. Isulat ito sa loob ng kahon. Iguhit sa ibaba nito ang iyong sarili habang tinutupad ang alituntuning ito. Kulayan ng angkop na kulay.

4. Bigyang diin ang mga kaisipang nakatala sa kahon ng **Tandaan Mo** upang makabuo ng paglalahat ang mga bata.

## IV. Pagtataya:

1. Ipasagot ang **Natutuhan Ko.**
2. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na mangatuwiran habang iwinawasto ang kanilang mga sagot**.**

## V. Culminating Activity*:*

1. Pangkatin ang klase sa dalawa (2) at maglaro ng **charade**. I- **role play** ang pagtupad sa alituntuning ibubulong ng guro.
2. Pahulaan sa kabilang pangkat kung ano ito. Ipasabi rin kung itoy tungkulin sa sarili o tahanan.

# Aralin 8.3 May Pagtutulungan Sa Aking Komunidad

**Takdang Panahon: 5 -6 araw**

**I. Layunin:**

1. Nailalarawan ang mga gawain sa komunidad na nagpapakita ng pagtutulungan.
2. Natutukoy ang kahalagahan ng pagtutulungan at pakikipagkapwa sa paglutas ng mga problema sa komunidad.
3. Nailalalarawan ang kahalagahan ng pagtutulungan ng babae at lalaki sa mga gawaing pangkomunidad.
4. Nakalalahok sa mga gawaing pangkomunidad para sa ikabubuti ng lahat.
5. Nakapagsasaliksik ng kuwento tungkol sa huwarang kasapi ng komunidad.

**II. Paksang-Aralin:**

**Paksa:** May Pagtutulungan sa Aking Komunidad

**Kagamitan:** **graphic organizer**, larawan ng mga gawain sa komunidad na nagpapakita ng pagtutulungan, lapis, krayola, kartolina, **ruler**, Modyul 8, Aralin 8.3

| **Integrasyon**: | Sining, ESP |
|---|---|

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Bilang pagganyak: Ipaawit ang Masaya Kung Sama-sama

Masaya kung sama-sama
Sama-sama 2x
Masaya kung sama-sama
Sa pagtutulungan
Tayo nang makilahok
Sa lahat ng gawain
Masaya kung sama-sama

Sama-sama 2x
Masaya kung sama-sama
Sa pagtutulungan

2. Magpakita ng mga larawan ng mga gawaing nagpapakita ng pagtutulungan. Alamin kung paano nagtutulungan ang mga tao sa kanilang komunidad.
3. Iugnay ang awit sa araling tatalakayin.

**B. Paglinang:**

1. Ipabasa ang mga susing tanong sa **"Alamin Mo**".
2. Ipabasa ang kuwentong "Tulong-tulong sa Komunidad".
3. Ipasagot ang mga tanong sa ilalim ng kuwento.
4. Ipaliwanag ang mga panuto sa pagsasagawa ng bawat gawain sa **Gawin Mo.**
5. Para sa Gawain A
    - Ipaguhit sa papel ang nakikita nilang pagtutulungan sa kanilang komunidad. Palagyan ito ng kulay at pasulatan ng 2 pangungusap na naglalarawan sa gawaing kanilang iginuhit.

6. Para sa Gawain 3
    - Hatiin ang klase sa 3 pangkat.
    - Ipabasa ang sitwatsyon.

      Pangkat 1 - Unang sitwasyon
      Pangkat 2 - Ikalawang sitwasyon
      Pangkat 3 - Ikatlong sitwasyon
    - Pumili ng kapareha sa ka-pangkat.
    - Ipakita sa pamamagitan ng "role play" ang sinasabi sa panuto.
7. Para sa Gawain C
    - Ipasagot ang tanong sa Gawain 3
    - Ipasulat sa papel ang bilang ng napiling pangungusap.
8. Para sa Gawain D
    - Pangkatin ang mga klase sa 4.
    - Ipagawa ang sinasabi sa Gawain 4.
    - Humanda sa pag-uulat sa sunod na araw.
9. Bigyang-diin ang mga kaisipang nakatala sa kahon ng **Tandaan Mo**.
10. Pag-usapan ang kahalagahan/kabutihang naidudulot ng pagtutulungan sa anumang gawain.

**IV. Pagtataya:**

1. Ipasagot sa sagutang papel ang **Natutuhan Ko.**
2. Igabay ang mga batang makuha ang tamang sagot. Kung mali, ipaliwanag kung bakit.

**V. Culminating Activity:**

Panuto: Magsaliksik ng kuwento tungkol sa huwarang kasapi ng iyong komunidad. Ikuwento kung ano ang nagawa niyang tulong o kontribusyon sa komunidad.

## ARALIN 8.4 Ang Pangarap Kong Komunidad

**Takdang Panahon: 7 araw**

**I. Layunin:**

1. Naihahayag ang mga pangarap na komunidad sa pamamagitan ng iba-ibang malikhaing sining.
2. Nasasabi ang mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap na komunidad.

**II. Paksang Aralin:**

**Paksa:** Ang Pangarap Kong Komunidad
**Kagamitan:** Modyul 8, Aralin 8.4, larawan ng bawat isang mag-aaral, **chart**

**Integrasyon:** Edukasyon sa Pagpapakatao (Pagiging masipag sa pag-aaral, mga kaugaliang dapat taglayin upang matupad ang pangarap.)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimula:**

1. Muling pag-usapan ang pangarap ng bawat bata na maging paglaki nila.
2. Itanong kung ano ang dapat gawin upang matupad ang pangarap na ito.
3. Iugnay pinag-usapan sa pangarap nilang komunidad.

## B. Paglinang:

1. Ipabasa ang tanong na makikita sa kahon ng “Alamin Mo”.
2. Itanong sa mga bata kung ano ang pangarap nilang komunidad at kung ano ang mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap nilang komunidad.
3. Ipabasa sa mga bata ang isang babasahin tungkol sa “Usapang Pangarap.
4. Patnubayan ang mga bata habang sila ay nagbabasa sa pag-uusap ng dalawang bata sa modyul.
5. Maaari ring ipasadula ang usapan o iba pang malikhaing paraan ng pagbasa.
6. Ipasagot sa mga bata ang mga tanong pagkatapos basahin ang usapan.
7. Ipaliwanag ang pagsasagawa ng mga gawain sa Gawin Mo.
8. Para sa Gawain A, magpagupit sa mga bata ng mga larawan ng mga bagay, estruktura at lugar na gusto nila para sa pangarap nilang komunidad. Ipadikit ito sa katulad na **spider web** na nakalagay sa ibaba.
9. Para sa Gawain B, ipapili sa mga bata ng isang larawan na naayon sa pangarap nilang lugar ng komunidad. Magpasulat ng isa hanggang dalawang pangungusap kung bakit pinili nila ang larawan.
10. Pagtuunan ng pansin ang apat na kaisipan sa Tandaan Mo, sa Modyul 8, Aralin 8.4.

## IV. Pagtataya:

Pasagutan ang Natutuhan Ko.

## V. Culminating Activity:

1. Magdaos ng isang palatuntunan o programa. Idispley ang lahat ng **output** ng mga bata. Magdaos ng eksibit.
2. Anyayahan ang mga magulang at punongguro para saksihan ang **showcasing** ng mga ginawa ng mga bata sa buong isang taon.
3. Maaari ring pumili ng pinakamahusay na bata base sa kanilang **performance**.